


PAGTUTURO PATUNGKOL

KAY MOISES

 Sige lang po. Pagpalain ka ng Diyos, Kapatid na Neville. Magandang umaga, mga kaibigan. Minsan kinakailangan ko pong alamin kung umaga ba o gabi. Buweno, natutuwa ako na makaparito sa umagang ito. Mainit po, tunay din na mainit ang pakiramdam n'yo. Para nang wala na tayong tagsibol sa panahon ngayon; tag-init at taglamig na lang ang parang mayroon, hindi po ba? Para nga pong lihis na sa panahon, ang klima.

² Buweno, ang dahilan kung bakit nahuli ako, ako—ako po'y naglilinis ng bahay. At may paninigas at pananakit ako nitong umaga. At bumangon naman po ako nang maaga't marami pa naman sanang oras, pero di ko po naisip na marami palang ginagawa ang isang maybahay, haya't kinakailangan nila, na asikasuhin ang pangangailangan ng tatlong bata at pupunta na ng Sunday school. Oh, naku! Marami ngang dapat asikasuhin, higit sa inaakala ko. At naisip ko, "Buweno, ngayon. . ." Gabi na halos kagabi ay nagtratrabaho pa rin, at—at ako—ako po'y galing nun sa pagi-ebanghelyo sa labas. . .? . . . Grabe, 'yung trabaho nga'y di naman siguro puwedeng ipagpaliban? Hum! Nag-alok ako ng tatlumpu't limang dolyar kada linggo para sa sinuman na puwedeng magbantay sa bata, at wala namang may gusto.

³ May isa po na sumulat ng isang artikulo sa isang babasahin di pa katagalan dito. Haya't, di naman sana umabot sa ganoon. Ang sabi'y nakapunta na raw siya rito, may isang pulitiko raw rito sa Kentucky, ang sabi'y sumabak daw siya sa hukbo nang dalawang beses, tatlong beses siyang nasugatan, sa pagiging bayani, siya po'y tumira bilang mamamayan sa naturang lugar, marami siyang nagawa, nagligtas siya ng buhay ng dalawang bata, at 'yung isa'y sa ilog at 'yung isa'y sa iba naman, di niya alintana anuman 'yung lahat ng ginawa niya. At sa wakas naisip niya, buweno, kailangan may magpanatili ng kaayusan sa pamayanan nila, kaya naisip niyang tumakbo sa halalan. At nung mapagpasyahan na niya, sa sandaang libong tao, lilimang boto lang ang nakuha niya. Tinanong niya 'yung hepe ng lugar nila kung puwede ba siyang magbitbit ng mahabang baril para makaalis siya nang ligtas sa lugar nila, sabi, "Mapanganib na tumira sa bayan na ito." Wala nga siyang ganoong karaming kaibigan para matulungan siya na lumikas mula sa bayan na 'yun. Ganoon nga ang istilo ng Amerika sa pagkilala ng utang ng loob, hayan nga, di po ba? Siyanga. Sa Amerika, kapag marami ka ritong ginawa, inaasahan ka na mas marami pa

dun dapat ang gawin mo. Siyanga, mas marami ang inaasahan mula sa iyo.

⁴ Buweno, gusto ko lamang pong sabihin ang pagbati na ito na sa umagang ito ay napaka linis at kaaya-aya ang simbahan. At nung pagpunta ko rito, 'yung pinto nila dun ay maganda ang ikot ng hangin. Hayan nga't napaka inam n'yan, kung sino man ang tagapangasiwa sa lupon dito na tumulong na pasimulan 'yan. Siyanga't napaka inam, at napaka linis ng trabaho. Sa palagay ko si Kapatid na Hall, kung di po ako nagkakamali, siya po ang tumulong. Napaka inam po na trabaho.

⁵ Ngayon, medyo atrasado na, pero alam n'yo naman po sa mga holiness people. Kita n'yo, hindi mahalaga kung ano nang oras ngayon, hindi po ba, Kapatid na Slaughter, Kapatid na Deitsman? [Sinasabi ng mga kapatiran at ng iba pa, "Hindi nga."—Pat.] Sadyang kung anong mayroon tayo ay ginagamit natin 'yun.

⁶ Nagkaroon ng mainam na mga gawain sa Katimugan! Pero nitong huling mga ilang araw lang ako nakapagsalita uli. Apat na buwan akong nangaral, nang diretso, at kaya naman wala akong sapat na boses para kahit nga—kahit nga makabulong. Ang ginagawa ko na lang ay isinisenyas ko sa asawa ko, alam n'yo, ang gusto ko, at para pong. . . At hayan ding pagkatapos n'yan, mangyaring bumalik na kami rito kung saan para bang napaka balimbing ng panahon natin dito, (aba, malamig nung isang araw tapos mainit naman ang kasunod), kaya nagkaroon tuloy ako ng mahinog, hinog na pangkaraniwang trangkaso. At nung pagbangon ko po, dalawang araw ang nakararaan, haya't nagsimula na naman. At sa kabila n'yan nagpapasalamat pa rin tayo sa mabuting Panginoon, hayan nga, para rito sa lahat ng Kanyang kabutihan at awa sa atin, at—at kung paanong Siya'y napakabuti talaga sa lahat ng sandali. Nagkaroon ako mismo ng mainam na mga pagtitipon sa katimugan, at pinagpala tayo ng Panginoon nang buong sagana't, higit.

⁷ At kagabi, nung malapit ng maghating-gabi, tinawagan ako ni Kapatid na Wood sa kanyang bahay, at pati si Kapatid na Arganbright sa telepono, gusto nilang magpasimula ako ng mga gawain sa Switzerland. Mangyaring, napaka raming inaasikaso para sa isang matanda nang lalaki.

⁸ Kaya, ngayon, ang sunod nating pagtitipon ay sa a-onse na ng sunod na buwan, sa Cadle Tabernacle sa Indianapolis. Sa—sa Cadle Tabernacle sa Indianapolis, mula a-onse hanggang a-kinse. Pagkatapos, mula dun, sa—sa Minnea-. . . Minneapolis; mula Indianapolis papuntang Minneapolis, Christian Business Men naman.

⁹ Ngayon sa tingin ko tinawagan ako ni Kapatid na Neville, at gusto ko lang ipakita ang aking. . . gusto ko lang ipaabot ang mga pasasalamat ko sa kanya at sa Neville trio na nagpunta't

umawit para sa isang gawain ng paglilibing para sa akin, na dinaos ko nung isang araw bago kahapon. At nagpasabi ako kay Kapatid na Neville; wala po kasi akong mga mang-aawit, para sa pamilya Liddick; nung si G. Liddick ay yumao na Pauwi sa Kaluwalhatian. At tunay na ako . . . kung 'yung anak niyang lalaki, parang di ko siya nakikita ngayon dito; at nalaman ko nito-nito lang na ang binatilyong ito pala'y kupkop na anak. Haya't nalalamang ang kanyang tatay ay mamamatay na, na di pa naliligtas, siya'y tumakbo sa bahay para sunduin ako, bago pa, at ang tatay niya'y naligtas bago mamatay. Kaya ang pinaka dakilang bagay na ginawa ng binatilyong ito, ay sumundo siya ng mananalangin para sa kanyang tatay bago ito tuluyang yumao. At ang Neville trio po'y nagpunta roon at ang pag-awit nila'y kalugud-lugod para sa kanila.

¹⁰ At mangyari ring tinanong ako ni Kapatid na Neville kung puwede ba akong makapangusap sa umagang ito at mamayang gabi, rin. Haya't kung papansinin n'yo, sinasabi ng Kasulatan, "Humingi nang higit na inyong . . ." Kaya si Kapatid na Neville ay tunay na nakabatay sa Kasulatan sa mga bagay na ito, nang ganoong kahusto! At kaya naman gagawin ko po ang mainam na makakaya ko.

¹¹ Ngayon, gaya ng nabanggit ko po ngayong umaga, yamang ngayon ay Araw ng mga Nanay, at may paghahangad tayo na makapangusap para sa—para sa mga maliliit na bata. Naisip ko na itong umagang ito ang mainam na panahon para sa—para sa maliliit na bata. Ngayon iniisip ko na itong araw na ito na para sa nanay . . .

¹² Ngayon, wala na ngang mas tatamis pa sa mundong ito, na nalalaman natin, kaysa sa tunay, na totoong nanay. Pagpalain ng Diyos ang kanyang masigasig na kaluluwa, isang tunay, na tunay na nanay. Pero napakarami nating pamalit sa panahon ngayon na—na tinatawag na "nanay," na hindi naman talaga nanay; mga kababaihan lang po sila na may anak, pero hindi nanay. Ang isa kasing makalumang nanay ay 'yung inaalagaan ang kanyang pamilya, at di 'yung naglalagi-lagi sa mga bahay-aliwan at sayawan, at buong gabi, naninigarilyo, umiinom, dun nagpupunta. Hindi siya nararapat na tawagin sa karapat-dapat na pangalang 'yun na nanay. Isa lang siyang babae, ganoon nga lang, na may anak; pero hindi isang nanay, dahil ang *nanay* ay may iba pong pakahulugan. Ngayon iniisip ko—iniisip ko kung inyo pong . . .

¹³ Ngayon, dito sa Araw ng mga Nanay, gusto ko pong ihayag ang saloobin ko nang may pagkalugod. May nanay rin po ako rito na ubanin na't nakaupo ryan, hayan nga. At iniisip ko, na itong isang araw na ito, ayos lang naman; pero araw-araw ay nararapat po na maging araw lagi ng mga nanay, di lang isang beses sa isang taon. At ang dahilan nga kung bakit itong mga

bagay-bagay patungkol sa Araw ng mga Nanay ay nangyayari ngayon ay dahil. . .

¹⁴ At mangyaring nakikita ko na tayo-tayo ang narito sa atin ngayon, at kilala natin ang isa't isa. Mga magkakapit-bahay po tayo sa bayan na ito, at 'yan ang dahilan kung bakit ganito ang pangungusap natin dito.

¹⁵ Iniisip ko po na ang isang nanay ay kinakailangan talagang ganoon pa rin ang paggalang sa kanila sa araw-araw, siyanga, sa isang tunay po na nanay. At, ang kaso lang itong araw na tinatawag nilang Araw ng mga Nanay, ay kung anong araw lang dito sa mundo na anupa't malaking nego-negosyong bagay lang, para ubusin ang pera ng mga tao. At isa itong paghapyay sa kahalagahan ng mga nanay, itong Araw ng mga Nanay, na sa isang beses lang sa isang taon, "Buweno, hindi na natin siya napupuntaha't nakukumusta, kaya padadalhan natin si nanay ng munting bungkos ng bulaklak at ayos na 'yun." Di ganoon ang pagpapahalaga sa isang nanay! Grabe, naman! Ang tunay na nanay ay isa pong babae na inyong. . . na nagpalaki sa inyo, at iniibig n'yo talaga, at lagi n'yong binibisita at kinakausap sa tuwina. Lagi n'yong ipinapakita ang inyong pagmamahal sa kanya sa tuwina, hindi 'yung isang araw lang sa isang taon.

¹⁶ Pero bago ko po simulan ang kaunting pagsasadula ko rito, gusto ko lang pong sabihin ito, at ipaalala sa ilan sa inyo. At marami sa inyo ang namatay na, marami sa kanila ang yumao na mula ng ipangyari ito. 1933 pa nung mabanggit ito.

¹⁷ Nakita n'yo na ba sa pahayagan nitong ilang mga gabi lang ang nakararaan ang tungkol dun sa isang lalaki na pinatay ng isang babae? Binundol nung babae 'yung lalaki sa daraanan nung sasakyan at basta na lang inatras-atrasan 'yung lalaki na 'yung sasakyan ng babae'y talagang sinagasaan 'yung lalaki sa lansangan. At ang sabi nila, 'yung—'yung mga abogado't iba pa roon, ang sabi, "Hindi ka man lang ba nakonsiyensya?"

Sabi nung babae, "Ang Diyos at ako'y pagod na sa paraan ng pagtratrato sa mga kababaihan." Huh! Siyanga, isa siyang sikat na idolo. Siyanga. "Pagod na raw." Gaanong kabagsak na imoralidad ang kasasadlanan muna ng bansang ito? Gaanong katagal pa ang tatahakin natin nang di pa rin ipinapataw ang Makalangit na kahatulan, 'yan nga ang binubulay ko? "Ang Diyos at ako"? Kung ang Diyos nga'y may pananagutan sa lahat ng walang kabuluhang bagay na ito na inilalatag sa harapan Niya, di Siya matatawag na Diyos, hayan nga. "Ang Diyos at ako"? Grabe! Walang kinalaman ang Diyos sa bagay na ganyan. Iniisip ko nga na kung mapaparoon na ang babaing ito sa kabilang buhay sa paghihirap, ano kayang iisipin niya sa araw na 'yun? Oh!

¹⁸ Ang Amerika! Ngayon alalahanin n'yo, kung di n'yo pa ito naisusulat diyan, isulat n'yo ito. Ito po'y hula ko. Kita n'yo?

Noong 1933, nung nagdadaos kami ng mga gawain sa dako rito kung saan 'yung lumang, sa palagay ko po 'yung kinatatayuan na ngayon ng Church of Christ, dati po'y lumang. . . Dito nga 'yun sa dakong 'yun, Kapatid na Neville, dito lang sa tumbok dito pababa. Doon nakatira noon si Charlie Kern. Ano nga po uli 'yun dati. . . Tahanan po para sa mga naulila dito sa Meigs Avenue. Noong 1933, kakakuha ko pa lang noon ng isang 1933 Ford, at inihandog ko 'yun nung umagang 'yun sa Panginoon. At, bago ako lumabas ng bahay, may nakita akong pangitain. Isinulat ko 'yun, heto po 'yung lumang naninilaw na papel na naghihintay lang dito sa Biblia. Nakita ko po ang kawakasan ng panahon na parating.

¹⁹ At, sa inyo, ilan po sa inyo ang nakakaalala kung ano ang itsura ng '33 na kotse nung panahong 'yun? Oh, pahaba nga 'yun na parang *paganito*, at biglang pataas sa bandang likuran, at pababa uli sa pinagsasabitan nung reserbang gulong. May nakita po akong isang pangitain, na, “Bago ang Pagparito ng Panginoon, na ang mga kotse ay magmimistulang parang itlog ang itsura.” Ilan po ang nakakaalala sa hula na 'yan? Mayroon po ba ryan na nandito pa rin noon? Wala na po kasi si Kapatid na Seward. At sa pagkakaalala ko po. . . 1933 nung nagdadaos tayo ng mga gawain sa dako rito. Sa tingin ko parang ang lahat ng naroon noon ay wala na ngayon, na naroon noon.

²⁰ At inihula ko po, na, “Ang Amerika, ang magiging numero-uno nilang diyos ay ang kababaihan.” Ganoon po. Ang lahat ay iaanyo sa moda ng Hollywood. May mga bagay po ako na mga tala na galing mismo sa FBI na ikagugulat n'yo nang husto na sinasabi talaga dun kung nasaan na tayo ngayon. At itong mga iskandalo na ikinakabit sa mga artista sa pelikula, wala ngang kahit isa sa kanila ryan, ni bahagya, na anupa't gawain talaga ng mga patutot. At ibinunyag nga ito ng FBI kamakailan lang. Nandun po 'yun sa akin galing sa mismong tala nila. At kaya lahat sila ang buhay nila, maging itong mga artista sa pelikula, dun nga'y pinatunayan niya, na sila'y nagpupunta't sumusundo sila, makikisama sa mga kalalakihan, nang dalawampu't lima at limampung dolyar kada gabi, sa isang lalaki, taas-baba man, ng Hollywood at sa lahat ng dako, nakatira sa pribadong mga bahay at may mga tauhan dun na ipapadala 'yung mga babae sa mga kalalakahang ito. At 'yan na 'yan ang nakikita natin, sa telebisyon, at—at dito sa sine't iba pang bagay, at hinahayaan natin ang mga anak natin na tawagin ang mga ito na idolo. At pagkatapos tatawagin 'yung mga 'yun na *nanay*? Malayong-malayo po 'yun sa pagiging nanay. Karumihan 'yun. Ganoon nga mismo. At sa kabila nun ay sila ang mistulang nagtatakda ng takbo ng panahon. Buweno, hinahayaan sila, sa uri ng damit na isinusuot nila, masdan n'yo mismo ang mga kababaihan ng Amerika na ganun na ganun sa kanila ang pananamit, at lahat na ng ibang bagay. Siyanga. At ang diyos mismo ng Amerika

ay babae. Hindi si Jehovah; sila'y tumalikod na Roon. Hindi rin sa *nanay* hayan nga, hayan nga't itabi n'yo muna 'yan, 'yan ang kalugud-lugod na bagay na pag-uusapan natin mamaya; pero ang ibig ko pong tukuyin dito ay *babae*.

²¹ At, alalahanin n'yo, hinuhula ko po na bago ang malaking buong pagkalipol, haya't di ko sinasabi na sinabi ito sa akin ng Panginoon, pero naniniwala ako na may kung anong bagay na magaganap sa pagitan ngayon o sa panahon na 'yun ng '77. Maaari kasing sa oras na ito na 'yun dumating. Pero sa pagitan po ngayon at ng '77, ihinuhula ko na alinman sa malawakang pagkawasak o buong pagkalipol ang mangyayari sa buong mundo, sa pagitan ngayon at ng '77, inihula ko po 'yun noong 1933.

²² Inihula ko na ang kababaihan ay magpapatuloy sa pagbaba ng moralidad at ang bansa ay magpapatuloy sa pagbagsak, at magpapatuloy sila sa pagtangkilik sa nanay, o sa isang parang nanay ang taguri, hanggang sa sila, isang babae ang magiging idolo. At pagkatapos ng ilang panahon, haya't, "Ang Amerika ay pangungunahan ng isang babae." Markahan n'yo po 'yan at tingnan n'yo kung di nga't katotohanan 'yan. Isang babae ang kukuha sa puwesto ng pagka-Presidente o parang ganoon, na isang malaki, na isang mataas na kapangyarihan sa Amerika.

²³ Sa oras, haya't sinasabi ko po ito ng may paggalang, mga kababaihan. Sa oras na lisanin ng isang babae ang kusina, siya nga'y mawawala na sa puwesto niya. Tama 'yun. Doon kasi siya nabibilang. Sa labas nun, wala siyang puwesto. At ngayon, di naman dahil sa pagiging mahigpit sa kanila, pero sinasabi ko lamang ang Katotohanan at kung ano ang sinasabi ng Biblia. Nung araw ang kalalakihan ang ulo ng sambahayan, pero dun po 'yan noon sa kapanahunan ng Biblia. Pero di na nga lalaki ngayon. Isa na lang siya ngayong papet, o—o tagapag-alaga ng bata o parang ganoon. At ngayon, wala na po, ang gusto nang alagaan ng mga kababaihan ay aso, ayaw nilang manganak, at ang gagawin na lang ay magbitbit ng munting aso saanman sila magpunta sa kanilang mga bisig sa lahat ng pagkakataon, para magawa nilang gumala buong gabi.

²⁴ Hindi po—hindi po kananayan ang tinutukoy ko. Pagpalain sila ng Diyos. Sila kasi ang tumatangan sa bansa na maglakip ngayon, ang kalakip na kalahati, ito pong tunay, na mabuti't, kalugud-lugod, na iniligtas ng Diyos na nanay. Tama po.

²⁵ Pero nakakahihiya nga ang kinasadlakang imoralidad ng mga kababaihan natin! May piraso ako ng nailathala rito, na ginupit ko nitong katatapos lang na Digmaang Pandaigdig, na Ikalawa, na ang sabi, "Saan na nga ba nagpunta ang moralidad ng kababaihan ng Amerika, na, matapos ang anim na buwan sa ibayong-dagat, haya't apat sa limang sundalo ang idiniborsyo ng kanilang mga asawang babae, at sila'y nakipag-asawa sa

ibang lalaki?” At di nga nila nagawa man lang na maghintay na makabalik sila mula sa ibayong-dagat, haya’t ang mga sundalo ay nangangamatay sa dako ng labanan! Ang babaing tulad nila ay di karapat-dapat na tawaging nanay, sa kalugud-lugod na pangalan na ’yun. Hindi, talaga. Mangyaring binabansagan nila ako sa tuwina na isang “mapagmuhi-sa-babae,’ pero hindi po. Iniisip ko nga na ang kababaihan ay isang kahanga-hangang bagay, at ang pagiging nanay, lalo na. Pero kinakailangan nga nilang manatili sa kanilang puwesto at di kunin ang puwesto ng kalalakihan, at di kunin ang puwesto ng Diyos.

26 At ngayong umaga may narinig ako sa isang holiness na iglesya na sinasabi, na, “Isang nanay ang namumuno sa mga bituwin ng Langit,” at lahat ng ganoon daw. Nakikinita ko nga ang mga Katoliko na ganoon ang ginagawa sa birheng Maria, at lahat ng ganoon, na, pagsamba sa kanila na mga patay nang babae, sina Santa Cecilia at lahat ng tulad pa, na pinakamataas na uri ng espirituwalismo. Yun nga lang ’yun. Anumang may kinalaman sa pamamagitan ng mga patay ay espirituwalismo. Mangyaring, nag-iisa lang ang Tagapamagitan sa Diyos at tao, at ’yun ay si Cristo Jesus. Tama. Walang kahit sinong santo, wala na ngang iba pa maliban sa Panginoong Jesus Cristo ang siyang natatanging Isa Na Tagapamagitan sa Diyos at tao. Pero sa tuwing may nakikita akong mga kaiglesyahan, na minsan pa nga’y sa mismong likod ng pulpito ginagawa, inaalis ang lahat ng kabanalan mula kay Cristo at inilalagay sa ina, inaalis ang lahat ng kabanalan, mangyaring—mangyaring pasimula na ’yan at hayon na nga sila.

27 Pero, mangyaring may tunay na nanay pa rin na natitira. Purihin ang Diyos! Kung papaano ngang may nakikita kang ipokrito; may tunay na Cristiano na tunay na ipinamumuhay ang buhay. Kung saan mayroon kang naaayon, mayroon ka rin diyang na kontra. Ganoon mismo. At ngayon ’yung ganoon pong uri ng nanay at ganoong uri ng anak, ’yan ang ninanais nating pag-usapan ngayon sa Biblia.

28 Ngayon iniisip ko po kung ilan kayang maliliit na batang lalaki at batang babae ang narito sa atin ngayon sa umagang ito? Kung napakinggan n’yo po ang pagsasahimpapawid ni Kapatid na Neville kahapon. . . Ilan pong maliliit na batang lalaki at batang babae ang may gustong magpunta rito’t maupo rito sa harap na mga upuan habang mangungusap ako sa inyo? Gusto n’yo po bang lumapit dito sa harapan? May isa, dalawa, tatlo, apat, limang upuan ang mayroon dito; isa rito, tapos may anim, at may maliliit na upuan pa sa banda rito. Gusto n’yo bang magpunta rito sa harap, sa ilan sa inyo na maliliit na bata na kaya nang magpunta rito kahit di kasama si nanay n’yo, at gusto n’yong magpunta rito? Higit nga kayong kinalulugdan na magpunta! Sa mga nanay naman haya’t magpunta. . . [Sinasabi ni Kapatid na Neville, “Marami pa; marami sa kanila ang nasa

silid pa ng Sunday school.”—Pat.] Oh, nasa silid pa raw sila ng Sunday school. Buweno, ayos lang po ’yan. Puwede pa tayong maghintay pansumandali, at mangungusap muna tayo, at sila’y lalabas na nang ilang minuto. At sige’t magtitipun-tipon tayo rito, mga munti’t kaaya-ayang itim, at kulay-tsokolate, at asul na mga mata, sa dako rito, at—at mangungusap tayo sa bawat isa sa kanila. Ngayon, ilan po rito ang umiibig sa Panginoon? Sabihin n’yo, “Amen.” [Sinasabi ng kongregasyon, “Amen!”] Sige po.

²⁹ Ngayon gusto kong mangusap sa mga nanay at mga bata, at ito po’y patungkol sa kanila.

³⁰ Ngayong gabi, kung loobin ng Panginoon, gusto ko pong mangusap patungkol sa unang himala na ginawa ni Jesus, at kung papaano ’yun ipinangyari, at sa anong kapangyarihan, at kung anong ginawa Niya nung panahon na ’yun na gawin Niya ang Kanyang. . . . Ilan po ang nakakaalam dun sa unang himala na ginawa Niya? Sabihin po, nang sabay-sabay. [Sinasabi ni Kapatid na Branham at ng kongregasyon, “Ginawang alak ang tubig.”—Pat.] Tama, ang unang himala na Kanyang ginawa. Ngayon, kung loobin ng Panginoon. Habang nag-aaral po ako, nitong umaga, bigla na lang ’yung pumasok sa isip ko.

³¹ Nakikita ko na narito ang butihin nating kaibigan, na sina G. at Gng. Yekeer sa bandang likuran, sa tingin ko, ngayong umaga. Mangyaring napansin ko sila nung bumaling ako sa poste rito sa gawing ito. Nung isang araw ay sumailalim ako sa pagsusuri; sumailalim po ako sa pagsusuri para sa tungkulin ko sa ibayong-dagat. At nung paglabas ko, haya’t sino pa ba ang nakita ko roon kundi sina G. at Gng. Yekeer, na nakaupo dun sa tanggapan—sa tanggapan.

³² Si Dr. Schoen, sa Louisville, isang tunay na napaka inam na kapatid na Cristiano. Sinasabi ko sa inyo, nakatagpo ko dun ang isang tunay na lalaki, isang tunay na nananampalataya sa Diyos at inilalagak ang buo niyang pagtitiwala roon. Alam n’yo po? Sasabihin ko nga sa inyo. Mas marami pa akong kilalang doktor na naniniwala sa Makalangit na pagpapagaling kaysa sa kilala kong mga mangangaral na naniniwala. Totoo. Kausapin n’yo sila. Sasabihin, “Tunay.” At nung kanyang. . . . Nung paalis na ako, inabot niya ang kamay ko, tapos ang sabi, “Kapatid na Branham, higit ang nagagawa mo para sa sangkatauhan kaysa sa magagawa ko.” Sabi niya, “Siyanga.” Sabi, “Magagawa mong tulungan ang mga tao na hindang-hindi ko nga kayang sayaran man lang.” Sabi, “Siyanga.”

³³ Sabi ko, “Buweno, siyanga’t, magagawa mong tahiin, o magbalik ng buto, o parang ganoon. Pero ang Diyos nga ang gumagawa ng pagpapagaling.”

³⁴ Sabi niya, “Tama ’yan.” Amen. Oh, gustung-gusto ko ngang nakakakita ng ganoon na mga malalawak ang pag-iisip, na

mga taong makabuluhan mag-isip. Iniisip ko nga na ang siruhano, at doktor ng medisina, at kiropraktiko, osteopatiya, Makalangit na kagalingan, at lahat ng ito, kung alinman dito ang nakakatulong sa tao, ako'y sang-ayon dun. At kung may doktor ka nga riyan na kokondenahin ang isang mangangaral; 'yung mangangaral nama'y kokondenahin 'yung doktor; at 'yung osteopatiya'y kokondenahin—kokondenahin 'yung isang siruhano; 'yung siruhano'y kokondenahin naman 'yung doktor ng medisina; maiisip n'yo nga rito, na may pangsariling motibo sila sa kung saan. Ganoon 'yun, dahil bawat isa sa kanila ay may patunay na nakakatulong sila sa tao. Ganoon nga mismo.

³⁵ Ngayon patungkol dito, heto nga ang iniisip ko, kung ang motibo natin ay tama, at ang puso natin ay tumatama para sa mga tao, nararapat lamang na tayong lahat ay gumawa nang magkakalakip para tulungan ang kapwa natin, para pagaanin ang buhay. At sa ganoon nga'y ang motibo mo'y di na magiging makasarili, na nagbibigay na ngayon ng papuri sa Diyos Na ibinibigay ang lahat ng mga bagay nang walang bayad. Amen. Siyanga, po. Oh, tunay na wala dapat tayong anumang pagka makasarili kung saan; nararapat lamang na ganap na ganap.

³⁶ Kung ang isang kiropraktiko ay nakakatulong sa *ganito*, at 'yung osteopatiya ay nakakatulong sa isa namang *ito*, 'yung siruhano'y nakakatulong naman sa isang *ito*, at may iba pa na nakakatulong sa isang *ito*, atin ngang ipanalangin ang lahat ng ito, amen, na ang Diyos ay sadya mismong tutulong sa Kanyang minamahal na bayan para maging maayos ang kalagayan at maligaya. Dahil, di rin naman ganoong katagal ang inilalagi natin sa isang lugar dito, iilang araw lang at nasa paglalakbay na uli tayo, pupunta na sa ibang lugar. Kaya itong ginagawa natin dito ay pinagagaan natin ang buhay na kahit paano'y mas kinakaya para magtamasa kayo ng mas mabuting panahon dito habang narito kayo. Amen.

³⁷ Ngayon sa kaisipang ito, iyuko na natin ang ating mga ulo bago natin buklatin ang Biblia, at mangusap tayo sa kaibig-ibig natin na Tagapagligtas.

³⁸ Mabuti naming, Makalangit na Ama, kami po'y dumudulog na may pagpapakumbaba sa umagang ito sa Iyong Presensya, at pinasasalamatang Ka higit sa lahat ng bagay na lumitaw rito sa lupa noon, at sa lilitaw pa, para sa Panginoong Jesus Cristo. Dahil, Siya ang Isa na Iyon na nagdala sa tao at sa Diyos na maglakip, at pinagkasundo kami na mga maralita't di karapat-dapat na mga naihiwalay na mga walang Diyos. Naihiwalay sa Diyos, dahil—dahil na rin sa pagpili, na sarili naming pagpili; nagdesisyon kami sa sarili naming pagpili at lumakad palayo sa Kanya. At Siya nga'y napaka buti na pumarito, at sa habang kami sa panahon na 'yan ay di kaaya-aya sa Diyos, sa panahon na 'yan na kami'y makasalanan, na hiwalay sa Diyos, Kanya

ngang ipinagkasundo kami pabalik sa Ama, sa pamamagitan ng pagbubo ng Sarili Niyang Dugo.

³⁹ Ganoon na lamang ang pasasalamat namin sa Kanya! At sa araw na ito’y tumatayo bilang Tagapamagitan, ang tanging Isa sa pagitan ng Diyos at tao, Na magagawang ang pananalangin ay mapasa Presensya ng Diyos, sa pamamagitan ng dambana ng Sarili Niyang Dugo na ibinubo Niya mula sa lupa patungo sa Kaluwalhatian. Naparito sa lupa sa pamamagitan ng isang kamalig, ipinanganak sa isang sabsaban. Yumao mula sa lupa, sa pamamagitan ng mabigat na parusang kamatayan. Di Siya ninais ng lupa. Di Siya tanggap ng Langit, dahil isa Siyang makasalanan, dinala Niya ang aming mga pagkakasala sa Sarili Niya. Di Siya ninais ng lupa. Inayawan nila Siya, “Huwag kayong makihalubilo sa Tao na ito!” Siya nga’y . . . ni walang dako na mapagsisilangan, o dako man na kamamatayan. At Siya nga’y nabayubay sa pagitan ng Kalangitan at lupa; hindi Siya tanggap ng Langit, ni lupa’y di Siya puwedeng ikubli. At Siya’y namatay, sa kabila nun, para iligtas kami sa kasalanan, para pagalingin ang aming mga karamdaman, para bigyan kami ng kagalakan at kaaya-ayang pananatili habang narito pa kami sa lupa. Isang kahanga-hangang Tagapagligtas! Oh, lubos nga ang pasasalamat namin sa Iyo para sa Kanya!

⁴⁰ Oh Diyos, maipahintulot nawa na ang bawat pagsamba ng aming puso’y maibuhos sa Kanya, at sa Kanya lamang. Nawa po’y ang bawat pagpipitagan at bawat pagsamba, lahat ng mamumutawi sa aming mga labi’t mga puso, nawa ang mga ito’y mailapag sa Kanya na Siyang karapat-dapat sa lahat ng ito, sa Kanya na Siyang nakaupo sa Luklukan isang araw, na ang Aklat ay nasa Kanyang kamay. Walang tao sa Langit o lupa man ang karapat-dapat o may kakayahan man na silipin man ang nilalaman ng Aklat, ni kalasin man ang mga Tatak na sumeselyo Rito. At heto nga ang Cordero na pinaslang, doon pa sa pagkatatag ng mundo, hetong dumating, kinuha Ito mula sa Kanyang kamay, binuksan ang mga Tatak at kinalagan ang—ang mga Salita, sa mga tao.

⁴¹ At, Ama, idinadalangin namin sa oras na ito na kalagan ng Kanyang Espiritu Santo ang aming mga puso mula sa lahat ng kadiliman dito, kalagan ang mga dila namin sa lahat ng bagay na kasamaan, patawarin ang lahat naming pagkakasala, at iwaglit ang lahat ng kadiliman, at pumasok sa aming mga puso sa umaga pong ito.

⁴² At lalong-lalo na sa mga mumunting bata, Diyos, Iyo silang pagpalain sa kanilang pagkakaupo rito sa umagang ito kasama ang kanilang kalugud-lugod na nanay. Diyos, tunay po na amin Kang pinasasalamatan para sa kananayan, para sa mga tunay na kababaihang ito! Sa gitna man ng lahat ng kadilimang ito at lahat ng idolatriya, at karumihan at kabulukan ng sanlibutan, haya’t sa kabila nun ay kamit namin ang tunay, na mga totoong

nanay. Tunay po ang pasasalamat namin sa Iyo para sa kanila! Kabataan at matanda man, kapwa po, na pinasasalamatan Ka namin, Ama, para sa tunay na kananayan na ito. At dalangin namin, Diyos, na Iyo silang pagpapalain.

⁴³ Nakikita ko, habang nakaupo sila rito sa umagang ito, ang marami sa aming mga kapatid na lalaki't kapatid na babae na may suot na mga puting rosas o mga puting encarnacion at mga bulaklak, na ang ibig sabihi'y ang kanilang kalugud-lugod na nanay ay tumawid na sa ibayo ng tabing, sa kabilang ibayo; hindi patay, kundi buhay magpakailanman. Darating ang araw na sila'y paroroon, din, sa may ilog, at doon nga'y makikita nila muli ang kanilang nanay, sa kabilang ibayo. Marami rin ang may suot na pulang mga rosas, narito pa ang kanilang nanay. Amin Ka ngang pinasasalamatan para rito.

⁴⁴ Dalangin namin na Iyo po kaming sama-samang pagpalain habang pinag-aaralan namin ang Iyong Salita, dahil hinihiling namin ito sa Pangalan ni Cristo. Amen.

⁴⁵ Ngayon pagpalain kayo ng Panginoon. At magsimula muna tayo mismo sa Salita sa umagang ito. Ngayon, bago ang lahat, bago ang kaunting pagsasadula na ito, iniisip ko po na sa mga nanay at sa mga maliliit na bata. . . At siguro'y pakikinggan naman nila ako, dahil itong bagay na ito ay may paboses-boses. At magbibigay ako ng kaunting pagsasadula, dahil napapansin ko sa mga gawain ko ngayon, na kadalasan nakakatulong nang malaki ang pagsasadula. Hindi po ba't ganoon din ang palagay n'yo? Mas nauunawaan ng mga maliliit na bata kapag ganoon. Heto nga't nakikita ko ngayon ang ilan sa maliliit, na mga batang lalaki na nakaupo rito't nagniningning ang mga mata nila, nakatingin sa akin ngayon, na magiging mga kalalakihan ng hinaharap kung may hinaharap pa.

⁴⁶ At ngayon bago tayo magkaroon ng anumang pagsasadula, o anupamang ibang bagay na pasisimulan sa iglesia, kailangan mismo ng pambungad galing sa Biblia. Amen. Kinakailangan talaga ng pambungad galing sa Biblia. Sige't, bumuklat muna tayo rito sa Mateo, sa ika-16 na kabanata at sa ika-25 talata, at babasahin natin ang mga talatang ito. Sige't, habang binabasa natin, naghahanda, marahil pagkatapos n'yan 'yung maliliit na iba pang mga bata'y paririto na sila. Ngayon sa Mateo 16:25, ito ang mababasa natin:

Sapagka't ang sinomang magibig iligtas ang kaniyang buhay ay mawawalan nito: at ang sinomang mawalan ng kaniyang buhay dahil sa akin ay makakasumpung niyaon.

⁴⁷ Ngayon, isa po itong napaka halagang Kasulatan. Basahin po natin ito nang sabay-sabay. Ano pong palagay n'yo? Ang lahat, maliliit na bata't lahat, sabay-sabay ngayon. [Binabasa

ni Kapatid na Branham at ng kongregasyon ang sumusunod na Kasulatan nang sabay-sabay—Pat.]

Sapagka't ang sinomang magibig iligtas ang kaniyang buhay ay mawawalan nito: at ang sinomang mawalan ng kaniyang buhay dahil sa akin ay makakasumpung niyaon.

⁴⁸ Alam n'yo, mga batang lalaki't batang babae, at alam ko na maging 'yung matatanda ay masisiyahan din gaya ng mga bata. Pero, ang Kasulatan na 'yan ay napaka halaga! At ang ilan nga sa mga Kasulatan ay ganoon na lamang kahalaga na inilagay 'yun ng Diyos sa lahat ng apat na Ebanghelyo: Mateo, Marcos, Lucas, at Juan. Pero, ang isang ito'y napaka halaga na Kanya ngang inilagay ito nang anim na beses sa Ebanghelyo! Anim na beses itong namutawi sa Sarili Niyang labi, ni Jesus.

⁴⁹ Ngayon doon sa Marcos, kung bubuklat tayo roon, at doon nga sa ika-8 kabanata ng Marcos, at simula sa ika-34 na talata, at babasa po ako ng ilang bahagi roon. At gusto kong pansinin n'yo rito uli, na may kaunting karugtong dito sa sinabi ni Jesus. At alalahanin n'yo, anim na beses Niya ngang inilagay 'yun sa Ebanghelyo, para magarantiya talaga ito! Ang dalawa ay saksi na mismo, pero tatlong makaulit pa Niyang inilagay 'yun, kita n'yo, para magarantiya na maaalala n'yo ito.

At pinalapit niya—pinalapit niya sa kaniya ang karamihan pati ng kaniyang mga alagad, at sa kanila'y sinabi, Kung ang sinomang tao ay ibig sumunod sa akin, ay tumanggi sa kaniyang sarili, . . . pasanin ang kaniyang krus, at sumunod sa akin.

⁵⁰ Ngayon, isa sa mga taga-salin ay ganito ang pagkakalagay, “Pasanin ang kanyang krus at sumunod sa Akin araw-araw.” Ngayon, ngayon sa ika-35 talata. Pakinggan:

Sapagka't ang sinomang magibig iligtas ang kaniyang buhay ay mawawalan nito; at ang sinomang mawalan ng kaniyang buhay dahil sa akin at sa evangelio, ay maliligtas yaon.

Sapagka't ano ang mapapakinabang ng tao, na makamtan ang buong sanglibutan, at mapapahamak ang kaniyang buhay?

O anong ibibigay ng tao na katumbas sa kaniyang buhay?

⁵¹ Ngayon kunin po natin ang ika-35 talata na ito at sabay-sabay natin itong sipiin ngayon. Sige po. Sabihin po natin ito ngayon nang sabay-sabay. Kukunin natin itong Marcos 8:16, ngayon sige't bigkasin natin ito nang sabay-sabay; Marcos 8:16, pasensya na po pala, Marcos 8:16, 35. Hindi, mali pa rin ako. Marcos 8, paumanhin po. Marcos, San Marcos, ika-8 kabanata, ika-35 talata. Ngayon subukan nga natin uli. San Marcos, ika-

8 kabanata, ika-35 talata. Ngayon nakuha na natin. Basahin po natin. [Binabasa ni Kapatid na Branham at ng kongregasyon ang sumusunod na Kasulatan nang sabay-sabay—Pat.]

Sapagka't ang sinomang magibig iligtas ang kaniyang buhay ay mawawalan nito; at ang sinomang mawalan ng kaniyang buhay dahil sa akin at dahil sa ewangelio, . . . ay maliligtas.

⁵² Hindi po ba't kahanga-hanga? Ngayon, dadako na tayo sa munti nating kuwento, at habang nagsisilapit ang mga bata ay magsiupo na sila sa puwesto nila. Gabayan sila ng mga usher habang sila'y, tahimik na . . . tingnan n'yo kung makakalapit pa sila, habang kinukuha't inilalahad natin ang kuwento nating ito. Ibatatay natin ito, ngayong umaga, sa isang pagsasadula. At ako po, maraming beses na rin, dito nga mga ilang araw pa lang ang nakararaan aking . . .

⁵³ Kasama ko sina Kapatid na lalaki't Kapatid na babaing Wood, sa pagkakaalala ko, sa dako roon sa huling pagtitipon, at nangungusap ako noon sa agahan ng mga Christian Business Men. At inilahad ko itong munting pagsasadula patungkol kay Zaqueo na naroon sa . . . nandun sa itaas ng puno ng sikamoro, at, nung dumating si Jesus, at hayan ngang nagbuhat pa siya ng tapunan ng basura, alam n'yo (at isinadula 'yun), at umakyat ng puno, para makita si Jesus; 'yung negosyante ngang 'yun ay nakaupo roon sa taas ng puno, alam n'yo, nagtatago kay Jesus. At si Jesus nga'y di alam kung nasaan siya, gaya ng, nalalaman n'yo. At pagkatapos ang sabi niya, "Oh, sinasabi nila sa akin na ang Lalaking ito ay nakababatid raw ng mga bagay-bagay at may kakayahang paunang sabihin ang mga bagay, at nabatid daw kung nasaan 'yung isda na may lamang barya. Di nga ako naniniwala dun." At si Jesus nga'y dumaan mismo sa ilalim nung puno na 'yun. At sabi nung lalaki, "Oh, hindi Niya ako makikita rito, nakaupo ako rito sa ibabaw ng puno."

⁵⁴ Huminto mismo si Jesus at tumingala, at nagsabi, "Zaqueo, bumaba ka riyon." Hindi lang basta nalalaman na naroon siya sa taas, haya't nakilala pa Niya kung sino siya.

⁵⁵ Kaya naisip ko na ang kaunting pagsasadula'y mainam ang naitutulong minsan para sa mga matatanda, sa mga matatanda na kalakiha't kababaihan, kung papaanong ganoon din sa mga kabataan.

⁵⁶ Kaya ngayon marahil tatanungin n'yo ako, pagkatapos na matapos ito, "Kapatid na Branham, saan mo po nakukuha ang impormasyon tungkol sa mga tauhan na ito at mga pangalan nila?" Ang ilan sa kanila, sa tulong ng butihin kong kaibigan, na si Kapatid na Booth-Clibborn. At 'yung iba, ay mula naman kay Josephus, na isang kilalang mananalaysay ng kasaysayan. At mayroon din sa mga aklat tungkol sa kasaysayan na nabasa ko, patungkol sa pangyayaring ito, at iba pa. At sa ganoon ko

po kinukuha ang mga impormasyon ko patungkol sa ilalahad nating pagsasadula sa umagang ito, sa bagay na ito.

⁵⁷ Nakikita ko ang maliliit nating mga anak na lumalapit na ngayon, at para sa kuwentong ito sa umagang ito na ilalahad natin. Ngayon kayo na mga maliliit na batang lalaki at babae, kung magagawa n'yo, sige't kung sino sa inyo riyang na may gusto, haya't magpunta lang dito sa harap. May lima o anim pa tayong upuan dito na bakante. Kung gusto n'yong lumapit dito, ikatutuwa namin na paunlakan kayo. Sila'y tamang-tama lang ang paglapit para sa munting pagsasadula rito.

⁵⁸ At ngayon ganoon ko nga nakuha ang impormasyon na ito, ganoon ko po ito nahanap. Marahil may magbubuklat-buklat diyang at magsasabi, "Buweno, di ko naman nabasa ang bahagi na 'yan sa Biblia." Pero, 'yung mga hindi n'yo nabasa, itinuloy po 'yun ng kasaysayan, kita n'yo. Kaya ito rin 'yung parehong kuwento na 'yun, sa pagkakataon lang na ito'y nasa—nasa—nasa kaunting pagsasadula lamang ito.

⁵⁹ At, kaya, mabuti! Mabuti! Nakababatang kapatid mo ba 'yan? Oh, kamukha mo nga siya! At napakabait niyang bata. Masasabi mo nga na mabait siya. Sige.

⁶⁰ Ngayon gusto n'yo bang magpunta rito sa harap at dito maupo? May dalawang batang babae, o tatlong batang babae. Hayan nga't, napaka inam at kay buti 'yan! Ngayon gusto ko pong. . . Ito pong munting kuwento ngayong umaga ay para sa maliliit na mga batang babae't lalaki. Ginang Collins, sa tingin ko'y kayo 'yan, at 'yung isa pang munting kapatid na babae; puwede kayong magpunta dun sa banda nila, iha, at maupo dun. Sige, sa palagay ko may puwesto pa rito, kung magagawa lang ng binibini na—na iusog ang kanyang bag. At—at doon rin sa banda rito ay may dalawa pang upuan sa dako roon.

⁶¹ Gusto ko pong ang maliliit na mga batang lalaki't batang babae ay maupo rito sa harapan, para makausap ko sila. Dito, dito may ilan pa tayong upuan dito. Siguraduhin lang natin na makakaupo kayo. Sige, po. Yung ilan sa inyo'y paunlakan kami rito. Haya't, ang gusto natin ay mga maliliit na batang lalaki at batang babae ang nasa hilera rito. Oh, siyanga! Hindi po ba't napaka inam? Ngayon 'yan nga'y. . . Sa palagay ko may ilan ka pa riyang, Kapatid na Neville, may dalawa pa akong nakikita na parating. At hayan nga't napaka inam po!

⁶² Ilang mga nanay ang narito? Itaas n'yo ang inyong kamay. Oh, kahanga-hanga nga! Ngayon, sadya ngang napaka inam at kay buti-buti.

⁶³ Ngayon kayo na maliliit na batang babae riyang kung gusto n'yong lumapit dito, sige't lumapit na kayo agad, kung medyo malaki na kayo para humiwalay muna kay nanay. At gusto nga ni nanay na dalhin kayo rito sa harap, buweno, sige't sabihin

n'yo lang kay nanay na magpunta rin. Para kay nanay, din ito. Sige po't, ngayon.

⁶⁴ Hayan nga, mga bata, may binasa kaming talata. Gusto n'yo bang basahin ito kasama ko? Gusto n'yo bang lahat na basahin natin itong talata na ito kasama ko? Ngayon, ito nga'y makikita sa San Mateo, sa ika-16 na kabanata at sa ika-25 talata, itong pag-uusapan natin. Ngayon sa maliliit. . . Bawat maliliit na batang lalaki at babae, sa umagang ito, basahin n'yo ito kasama ko. Sabihin n'yo, "San Mateo," [Sinasabi ng mga batang lalaki at batang babae, "San Mateo,"—Pat.] "ika-16 na kabanata," ["ika-16 na kabanata,"] "ika-25 talata." ["ika-25 talata."] Ngayon basahin n'yo kasama ko. "Sapagkat ang sinumang mag-ibig iligtas ang kanyang buhay" ["Sapagkat ang sinumang mag-ibig iligtas ang kanyang buhay"] "ay mawawalan nito;" ["ay mawawalan nito;"] "at ang sinumang mawalan ng kanyang buhay dahil sa Akin ay makakasumpong niyaon." ["at ang sinumang mawalan ng kanyang buhay dahil sa Akin ay makakasumpong niyaon."] Makakasumpong niyaon! Tama, sabihin nga natin uli. "Sinuman" ["Sinuman"] "na mawalan ng kanyang buhay" ["na mawalan ng kanyang buhay"] "dahil sa Akin" ["dahil sa Akin"] "ay makakasumpong niyaon." ["ay makakasumpong niyaon."] Napakaganda!

⁶⁵ Ngayon, mga batang lalaki at mga batang babae, alam n'yo ba? Napakaraming bagay sa mundo ang tunay na mahalaga. At isa sa mga bagay na 'yan, ay nariyan mismo sa inyo ngayon, 'yang kaluluwa na 'yan na nasa loob ng katawan na 'yan. At 'yan nga ang pinaka mahalagang bagay sa mundo, para sa inyo. Tama po ba, nanay? Sabihin n'yo, "Amen." [Sinasabi ng mga nanay, "Amen."—Pat.] Ang pinaka mahalagang bagay na kamit n'yo ay 'yang kaluluwa n'yo. At ngayon kung ipagkakit n'yo ang kaluluwa n'yo, haya't mawawala ito sa inyo. At kung mawawalan naman kayo ng kaluluwa n'yong 'yan, haya't ito'y maililigtas n'yo naman; kung maiwawaglit n'yo kay Jesus ang kaluluwa n'yo, kita n'yo. Sa ibang salita, kung sasampalataya kayo kay Jesus, kayo'y magiging alagad Niya. At mangyari rin na kung ibigay n'yo ang buhay n'yo kay Jesus sa panahon na ito na kayo'y mga bata pa gaya nito, ay hayon ngang iyo talaga itong. . . Kanya itong ililigtas patungo sa walang katapusang Buhay. Pero kung inyong—kung inyong iibigin na ipagkait ito, inyo nga itong maiwawaglit; siyanga, maiwawaglit n'yo. Kung ang gusto n'yong gawin ay katulad ng mga iba pang kabataang babae at lalaki sa buong paligid, at labas at kagaya sa kanila ang gagawin n'yo, haya't inyong—inyong—inyong maiwawaglit ito. Pero kung nanaisin n'yong ibigay ang buhay n'yo kay Jesus, kung ganoon ay maililigtas n'yo ito sa buong Walang Hanggan at magpakailanman.

⁶⁶ Ngayon, pagkatandaan n'yo 'yan ngayon, na 'yan mismo ang pinaka mahalagang bagay sa buong mundo, 'yang munting

kaluluwa n'yo. At kung inyo 'yang ipagkakait, mawawala n'yo 'yan; kung itatagubilin n'yo kay Jesus, maililigtas n'yo ito. Maaari n'yo bang sabihin 'yun kasama ko? Kung... Sabihin n'yo, "Kung ipagkakait ko ito," [Sinasabi ng mga batang lalaki at batang babae, "Kung ipagkakait ko ito,"—Pat.] "Mawawala ko ito;" ["Mawawala ko ito;"] "at kung itatagubilin ko kay Jesus," ["at kung itatagubilin ko kay Jesus,"] "Maililigtas ko ito." ["Maililigtas ko ito."] Ganoon nga! Ngayon nakuha n'yo na. Hindi ba't. . .

67 Sa lahat ng mga nanay na iniisip nilang kay buti-buti nun, magsabi ng, "Amen." [Sinasabi ng mga nanay, "Amen!"—Pat.] Oh, kay buti-buti nga! Napaka inam.

68 Ngayon, nakita n'yo, may isang bagay lang kayo na maaari n'yong gawin. Ngayon, sige lang. Kung gusto nilang kumilos ng katulad nun, at palugurin ang makasanlibutang paghahangad sa kanila. . . Kung ang mga kabataang lalaki't babae ay gusto nilang lumabas dun at gumawa ng mga bagay-bagay, at kung anu-ano ang pagkukuwentuhan at magsasabi ng mga bagay na mali, at—at mandadaya at magnanakaw, at—at gagawa ng mga bagay na masama, at makikipagkopyahan sa eskuwelahan, at kung anu-ano pa, sige lang; kanilang maiwawaglit. Kanilang maiwawaglit ito. Pero kung inyo ngang ipagkakatiwala ito kay Jesus, hindi nila gagawin ang ganyan, at sa ganoon ay kanila 'yung maililigtas. Yan nga ang dapat n'yong naising gawin. Di po ba?

69 Ngayon magpapasimula na tayo sa munti nating kuwento. Ngayon, 'yan nga ang pambungad natin, alalahanin n'yo nga 'yan ngayon. Ngayon simulan na po natin ang munti nating kuwento. Ngayon, sa mga matatanda, at sa mga—sa mga tatay at nanay, makinig din kayo, siyanga, ngayon; sa inyo, lalong-lalo na sa mga nanay at mga tatay. Ngayon sadyang. . . at sige't magsisimula na tayo. Gusto n'yo ng mga mumunting kuwento? Hindi ba? Oh, ako nga'y gustung-gusto ko ang mga ito! Lalo na ngayon. . . Marami kayong mababasa-basa na mga kuwentong di naman totoo. Pero ang kuwento na ito ay totoo po, ganap na Katotohanan, bawat Salita nito. Narito ito mismo sa Biblia ng Diyos, kaya mangyari ngang Katotohanan talaga ito, kita n'yo, dahil Ito ang Salita ng Diyos. Katotohanan ang Salita ng Diyos.

70 "Ngayon, alam mo," sabi, "Grabe talaga ang pagod ko. Ako—ako'y—ako'y halos mamatay na sa pagod."

71 "Buweno," sabi, "bakit di ka umakyat muna sa itaas at matulog na? Humiga ka na sa higaan, sa pahingahan dun sa itaas, at matulog na."

72 Sabi niya, "Pero, oh, grabe talaga ang pagod ko." Sabi niya, "Oh, mahal, kung nakita mo lang ang nakita ko ngayong araw na ito! Oh, ako'y. . . ako, haya't. . . ni ayaw kong kumain

ng hapunan! Oh, terrible talaga, 'yung nakita ko ngayong araw na ito!"

Sabi, "Buweno, ano ba 'yung nakita mo?"

⁷³ Sabi, "Buweno, di ko nga puwedeng sabihin sa iyo, sa harap ng mga bata, oh, grabeng terrible talaga! Grabe, sobrang sama!"

"Buweno, ano nga 'yung nakita mo?"

⁷⁴ "Buweno, aakyat muna ako sa itaas at mahihiga muna ako nang kaunti, at tapos—tapos pagkatapos ng hapunan kapag napatulog na natin 'yung mga bata, sige't sasabihin ko sa iyo kung anong nangyari ngayong araw na ito."

"Sige," sagot nung babae.

⁷⁵ At umakyat na 'yung lalaki. Nahiga na siya. "Oh, grabeng pagod! Oh, grabe!" Alam n'yo nga 'yun kung papaano si tatay kapag pagod na pagod siya, talagang pagod na pagod!

⁷⁶ At ilang sandali pa, 'yung maliit na batang babae na may maningning na mga mata, tumatakbo-takbo siya sa paligid, at malakas ang pagsasalita. Sabi, "Sh-sh-sh, sh-sh-sh, huwag mong gawin 'yan. Gigisingin mo n'yan si tatay. At, oh, grabe talaga ang pagod ni tatay na halos gusto na niyang—niyang mamatay. Ayaw na niyang mabuhay pa. At sa tuwing ganoon ang pagod ni tatay, buweno, hayaan natin siyang matulog nang kaunti. Huwag natin siyang basta gigisingin." At si munting Miriam, nagpunta siya sa isang tabi at naupo, nang tahimik.

⁷⁷ At mga ilang sandali pa'y inihanda na ni nanay 'yung hapunan, kaya tahimik siyang umakyat ng hagdan at tinawag niya—tinawag niya ang asawa niya, "Amram?"

⁷⁸ At sabi niya, "Sige, Jochebed, heto na. Pababa na ako." Kaya bumaba na sila sa may hagdan, alam n'yo, at kumain na sila ng mainam na hapunan.

⁷⁹ Kaya nung matapos na silang kumain ng hapunan, at 'yung maliit—maliit na batang lalaki at maliit na batang babae ay naubos na nila ang kanilang hapunan, haya't, sila . . . itinabi na ni nanay ang mga bagay-bagay at inihiga na niya ang mga bata sa higaan.

⁸⁰ At pagkatapos nagpunta na siya roon sa silid, siya at ang asawa niyang lalaki, at naupo sila. Sabi, "Buweno, ngayon, ano ba 'yung bagay na 'yun na nakita mo ngayong araw na ito, Amram, na talagang—talagang nagpabalisa sa iyo nang husto ngayong gabi, na haya't ayaw mo na kamong mabuhay pa?"

⁸¹ "Oh," sabi niya, "mahal, di ko lang—di ko lang talaga maintindihan." Sabi niya, "Nakita ko . . . Buweno, araw-araw naman kaming nakakakita nang ganoon, pero iba't matindi ngayon." Sabi, "Oh, nakita ko—nakita ko ang pinaka kahindik-hindik na tanawing nakita ko kailanman." Sabi, "Yung mga kaawa-awang binatilyo natin, ang ilan sa kanila'y wala pang

labing-dalawang taong gulang, hila-hila nila 'yung malalaki't kay bibigat na mga bagon, na 'yung tali'y nakabalot sa leeg nila nang *paganoon*. At 'yung mga kaawa-awang mga kabinataang 'yun ay talagang nagkakandahirap sa paghila hanggang sa di na talaga sila makahila pa, pataas doon sa malaki't matarik na rampa, haya't hila-hila ang malalaking mga bato sa likuran, at di na nga sila makausad pa. At mga ilang sandali pa 'yung bagon na pinaglalagyan ay nagsisimula nang lumangitngit at bumabagal na, at kaya mga ilang sandali pa'y huminto 'yun. Doon sa daan biglang may sumulpot na lalaki, oh, para nga siyang wala sa katinuan! Sumigaw siya, 'Bakit n'yo inihinto bigla ang bagon?' 'Wham!' gamit 'yung naglalaparan na parang nanunuklaw sa sakit na mga latigo, at pinaghahampas sila sa likod nila, at 'yung dugo'y umagos sa likod nung mga binatilyo, at grabe talaga ang tagaktak na *gumaganoon* pa nga. At 'yung mga kaawa-awang mga binatilyo'y kumapit na lang nang husto sa lubid na naroon at napaiyak." Sabi, "Oh, Jochebed! Anong puwede nating gawin, nanay?" Sabi, "Haya't tayo ang bayan ng Diyos. Pinagpala tayo ng Diyos. Mga anak tayo ni Abraham, Isaac, at Jacob. At bakit nga natin kailangang maging mga alipin sa dakong ito sa mga bagay-bagay na ito? Oh, nakaka kilabot talaga 'yung pag-iyak nung mga kaawa-awang mga kabinataang 'yun. Oh, at kaya naman ako'y nanalangin nang nanalangin nang nanalangin, Jochebed, at mukha namang di ako dinidinig ng Diyos. Nanalangin ako nang nanalangin, at Siya'y parang nagbabaling lang Siya ng taingang di dumirinig, di nga Niya ako pinakikinggan maski paano. Siya'y para bang wala na Siyang malasakit."

⁸² "Ngayon," sabi nung babae, "tingnan mo, Amram, para ngang hindi ikaw 'yan na nagsasalita. Isa kang tunay na tatay, at ikaw. . .Hindi ka nga ganyan magsalita, dahil sa tuwina ay ikaw pa nga ang nagpapalakas ng loob sa amin, binibilinan mo kami na manampalataya sa Diyos."

⁸³ "Oh, pero, mahal, kahit na anong gawin kong panalangin nang husto, haya't hindi pa rin ako dinidinig ng Diyos, at para ngang mas lalo pang lumalala nang lumalala kada araw. Gawin ko mang manalangin nang husto, mas lalo pa ngang sumasama ang situwasyon."

⁸⁴ Pero, mga batang lalaki't babae, dinidinig ba ng Diyos ang panalangin? [Sinasabi ng mga batang lalaki at babae, "Opo."—Pat.] Dinidinig nga Niya ang panalangin. Dumidinig ba talaga ang Diyos ng panalangin? ["Opo."] Tama. Mabilis ba lagi ang tugon Niya? Hindi lagi. Siya nga? Hindi nga. Kung minsan pinaghihintay Niya tayo. Tama ba? ["Opo."] Pero, dinidinig talaga ng Diyos ang panalangin, Siya nga ba? At di ibig sabihin na anupa't ang lahat sa paligid ay mistulang mali, senyales na 'yan na dapat na tayong tumigil sa panalangin. Dapat pa nga tayong mas manalangin nang manalangin, hayan nga, hindi

ba? Tama 'yun. Ngayon, tama nga ang sagot n'yo. Dinidinig ng Diyos ang panalangin. Sabihin nga natin 'yun nang sabay-sabay. "Dinidinig ng Diyos ang panalangin." Oo. Kahit na ano pa ang situwasyon, Siya'y tumutugon, ano't anuman. Sige.

"Buweno, aakyat ka ba uli para manalangin?"

⁸⁵ "Oo." At si tatay nga'y may sikretong silid doon sa itaas sa may attic kung saan siya nagpupunta para manalangin. Kaya hayan nga't umakyat na siya roon nung gabing 'yun, lumuhod siya sa isang tabi roon, ang sabi niya. . . Ngayon ang sabi niya, "Jochebed, ngayon sige na't matulog ka na, at ikaw at ang mga bata. Dahil, para hindi n'yo ako maabala, mananalangin ako nang buong magdamag ngayong gabi."

⁸⁶ Kaya lumuhod na siya, at nanalangin siya nang nanalangin. Nakikinita ko siya na itinataas niya ang kanyang mga kamay, at nagsasabi, "Oh Diyos ni Abraham, Isaac, at ni Jacob, Iyo pong alalahanin ang Iyong pangako sa Iyong bayan! Heto kami sa malayong-malayong dakong ito ng Egipto, at kami'y nasa pagkaalipin. At, oh, 'yung malulupit naming mga tagamando ay—ay pinahihirapan talaga kami na gawin ang mga bagay-bagay, at talagang hinahagupit kami, at 'yung kaawa-awa naming mga kababayan ay—ay talagang nahuhubaran na, at hinahataw kami ng mga latigo. At kami po'y Iyong bayan. Oh Diyos, tunay na diringgin Mo ang pananalangin! Tunay na diringgin Mo ang pananalangin! At ako'y nananalangin nang nananalangin nang nananalangin, at Ikaw nga po'y para bang hindi Mo ako tinutugon. Pero, Diyos, nananampalataya po ako na Ikaw ang Diyos, at sa huli ay diringgin Mo ang panalangin." At nanalangin nga siya nang paganoon, nang halos buong gabi.

⁸⁷ At nung sumunod na umaga, nang bandang alas tres o alas kuwatro, bumaba na siya dun sa munting hagdan. At bumaling siya roon, at naroon ang kanyang kalugud-lugod na munting asawang babae, si munting Jochebed. Naroon siya sa highaan na natutulog. At si munting Aaron at munting Miriam ay naroon na rin na nahihimbing sa highaan, kaya hayan na nga't ganoon na lamang ang pagka antok nila, at talagang tulog na tulog. Tapos. Sinabi niya sa kanya. . . Sabi niya, "Gabi na masyado, at ngayon ka pa lang. . ."

⁸⁸ "Oo, buong gabi akong nanalangin." Yung mga mata niya'y namumugto dahil sa luha, dahil umiiyak siya para sa kanyang mga kababayan.

⁸⁹ At sabi nung asawa niya, "Tingnan mo, Amram, hindi mo dapat pinabibigatan ang sarili mo nang gaya n'yan."

⁹⁰ "Ngayon," sabi niya, "pakinggan mo, mahal. Mainam 'yan. Pero ngayon tingnan mo, may dalawang anak ka na pinalalaki rito. At ang pasanin ay nakaatang sa akin. At kung walang mananalangin para sa ating kaawa-awang mga kababayan, ano na lang ang magiging kahihinatnan nila? Ano na lang ang

mangyayari kung wala ngang may malasakit sa puso para sa mga taong ito? May dapat talagang manalangin.”

“Buweno,” sabi niya “Amram, di naman lahat ng pasanin ay dapat nakaatang sa iyo.”

⁹¹ “Buweno, para na ring ganoon ’yun. At kung tutuusin, nananalangin naman talaga ako, siyanga, sa lahat ng oras!”

⁹² Nagpunta na siya sa trabaho niya nung araw na ’yun. At sa bawat araw na nagpupunta siya’t babalik, at ganoon na ganoon lagi ang paghihirap na dinadanas. At napaka hirap ng trabaho niya. Kinakailangan niyang. . . Nagbubuhos sila ng semento sa naglalakiha’t matataas na molde, at kinakailangan din niyang tumayo dun sa tapat ng malaking hurno. Kapag binubuksan nila ’yun, oh, grabe, parang matutuklap ’yung balat niya, grabe ’yung kahindik-hindik na init nun! Itinutulak niya sa loob nun ’yung mga ladrilyo sa mismong loob na loob nun at lulutuin ’yun sa hurno, ilalabas pagkatapos; para magtayo ng malalaki’t mahahabang mga daanan, at malalaki’t nagtataasan na mga moog, para sa mga diyos-diyosan at lahat na. At itong tunay na Cristianong ito ay naroon sa dakong ’yun na nagtrabaho nang gaya nun, para sa kaaway. Pero siya kasi’y isang alipin, siya’y nasa pagka alipin. Kinakailangan niyang gawin ’yun.

⁹³ Gabi-gabi sa pag-uwi niya, mananalangin siya. At aakyat siya dun sa hagdan uli, at mananalangin nang mananalangin nang mananalangin, at bababa’t babalik. Di naman bumubuti; mas lalo pa ngang sumasama.

⁹⁴ At isang araw dun sa trabaho’y may narinig siyang bulung-bulungan. Sabi, “Ano ’yun? Ano ’yun? Sabihin n’yo sa akin!” Nagbulungan sila sa isa’t isa. Pagkalipas ng ilang sandali, bago matapos ang araw, kumalat na ’yun sa buong bansa, kung ano ang mangyayari.

⁹⁵ Ano raw ’yun? Magpupulong daw ang konseho nung gabi na ’yun. Si Matandang Haring Faraon, ang matanda’t malupit na hari roon ay ipinatawag niya ang kanyang mga tauhan, at magkakaroon daw sila ng isa uling malakihang pagpupulong. Kaya nagkaroon sila sa dako roon ng malakihang pagpupulong ng konseho.

⁹⁶ Kaya nung gabing ’yun umuwi na siya, oh, talagang latang-lata siya. Pumasok na siya, at ang sabi ng asawa niya, “Amram, mahal,” sinalubong niya ang asawa niya sa may pinto at kanya itong hinagkan, at sabi, “Naihanda ko na ang hapunan mo’t mainam at mainit-init pa. Pero,” sabi, “mahal, putlang-putla ka yata. Ano bang nangyari?”

⁹⁷ Sabi, “Oh, Jochebed, kung alam mo lang kung anong nangyayari! Oh, ito na ang pinaka masaklap sa lahat!”

“Ano?”

98 “Sh-sh, di ko puwedeng sabihin dito, narito pa ang mga bata. Hintayin natin hanggang sa matapos ang hapunan, at sasabihin ko sa iyo ang tungkol dun.”

“Sige.”

99 Kaya, inihanda na niya ang hapunan. At nung matapos na ang hapunan, haya’t inihanda na ang mga bata at pinatulog na sa higaan.

100 Pagkatapos, naupo na sila. Sabi niya, “Jochebed, gusto kong sabihin sa iyo ang bagay na ito.” Sabi, “Isa sa pinaka masaklap na bagay ang mangyayari.”

“Ano?”

101 Sabi, “Magkakaroon daw ng isa uling pagpupulong ngayon, ngayong gabi. At kapag nagpulong na sila, haya’t magpapataw sila ng panibago na namang pahirap sa amin.”

102 Kaya, ganoon na nga, dumako naman tayo sa palasyo ng hari. Pinapunta ni Haring Faraon silang lahat dun, at ang sabi, “Sige, lahat kayo na mga heneral! Ano bang nangyayari sa inyo rito? Nagbigay na ako ng mga kautusan ko rito! Itong mga taong ito ay patuloy pa rin sa pagdami! Ano bang nangyayari? Hindi ba natin ito kayang supilin?” Sabi, “Darating ang araw na may dayuhang hukbo na magpupunta rito. At itong lahat na mga kalaban natin, doon nga sa Goshen, itong mga Israelita na ito, siguradong sasanib sila sa hukbo na ’yun, at gagapiin nila tayo. At itong malaking ekonomiya natin sa dako rito’y sisirain, wawasakin itong malaking kaharian natin. Gagapiin nila tayo. Ano bang nangyayari sa inyo? Magsalita kayo, kung sino man! Wala ba kayong alam na imumungkahi n’yo?” Oh, ganoon nga siyang kalupit, at talagang napaka lupit. Lahat ng mga heneral, ay nanginginig.

May isang tumayo roon, at ang sabi, “Mabuhay ang Haring Faraon.”

“Sige’t, sabihin mo na agad ang sasabihin mo!”

103 Sabi, “Mabuhay ang hari. Iyong kamahalan, ginoo,” sabi niya, “Ipinagpupunyagi ko na dagdagan pa ang pahirap sa mga tao na ito.”

104 “Ganoon na bang karupok ang bumbunan mo! Naglagay na kayo ng napakaraming pahirap sa mga taong ’yun, at sa kabila nun ay parami pa rin sila nang parami. Aba, ikaw, kung ’yan lang ang ideyang mayroon ka, mas mabuting sinarili mo na lang sana ’yan!” Oh, wala siyang patawad.

105 Pagkatapos ng ilang saglit may isa na naman na tumayo, may malaking ngisi sa kanyang mukha, na parang diyablo. At ang sabi nito, “Mabuhay ang Haring Faraon.” Sabi, “May ideya po ako.”

Sabi, “Aba’y magsalita ka! Huwag kang tatayo-tayo lang diyan nang ganyan!”

106 Sabi niya, “Sasabihin ko sa inyo kung anong maaari nating gawin.” Sabi, “Alam n’yo, itong mga taong ito ay napaka bilis nang pagdami nila.”

107 “Oo, tama ’yan!” Sabi, “Ang ilan pa nga sa kanila, ang ilan pa nga sa mga taong ito ay umaabot ng labing-apat ang anak, kung minsan pa nga’y dalawampung mga anak. At ang mga kababayan natin ay hirap na hirap na agad sa isa pa lang.” Sabi, “Napaka bilis ng pagdami nila, haya’t nasasakupan na nila ang buong lupain.”

108 Nakita n’yo, may ginagawang kung anong bagay ang Diyos. Kita n’yo, laging naglalagay ng lana ang Diyos sa ibabaw ng mata ng diyablo, nakita n’yo. Kita n’yo? Alam nga Niya ang Kanyang ginagawa. Kita n’yo? At ang mga kababaihan nga dun ay talagang nagkakaroon ng maraming mga anak.

109 “Hayan nga,” sabi nito, “mabuhay ang hari. Buweno, ito nga ang sasabihin ko. Sa tuwing may babae na manganganak ng isang munting batang lalaki. . . Halughugin natin ang buong lupain at maghanap ng mga kababaihan, at hindi mga nanay. Kita n’yo, mga kababaihan na di pa nagkakaroon ng anak, mga kababaihan na ayaw na ayaw ng bata’t walang paggiliw sa mga bata, mga naghahabaan-ang-ilong na masasamang babae. Kita n’yo, mas mahaba ang ilong, mas mainam! Nakakatakot na mahahabang kuko, pinturada ang mga mukha, at sige’t sila ang kunin n’yo. Di nila alam kung ano ang pag-ibig ng isang ina. Kaya kapag may munting lalaking sanggol na isisilang, haya’t, papuntahin n’yo sila at kunin ang munting lalaking sanggol na ’yun, at dalhin ito sa labas at iumpog ang ulo nito sa pader, tapos ihagis n’yo pabalik sa bahay dun sa nanay nito nang paganoon. Ihagis n’yo dun sa malaking balon. Oh, mas mainam pa nga riyan, ilabas n’yo siya at talian ang kanyang mga kamay at mga paa, at ihagis n’yo sa labas, at patabain ang mga buwaya. Ganoon n’yo sila masasawata. Tapos di na sila dadami pa nang husto, dahil wala nang matitirang lalaki; papatayin kasi ang lahat ng maliliit na lalaking sanggol.”

110 “Oh,” sabi ni Faraon, “napaka inam n’yan! Ang gandang ideya n’yan!” Nakita n’yo na ang diyablo? Siya’y malupit talaga, hindi ba? Sabi, “Sige’t ’yan ang bagay na dapat gawin! Humayo ka’t kumuha. . . Kumuha ka. . . Ngayon, yamang ikaw ang nakaisip n’yan, gagawin kitang tagapangasiwa n’yan. Sige na’t humayo ka at tipunin mo ang lahat ng matatandang babae na kakilala mo, na—na hindi kailanman naging mga nanay, at mga walang paggiliw sa mga bata. At sila’y. . .” Sila. . .

111 Kita n’yo, kinakailangan ng pagka nanay para magmahal ng isang bata. Naaalala n’yo ba kung papaanong minamahal

kayo ni nanay? Buweno, ngayon tingnan n'yo, ang nanay nga'y nagmamahal sa maliliit na mga sanggol.

112 Pero hayan nga't kinakailangan nilang kumuha ng ilang babae na—na di sila . . . walang mga anak, ayaw magkaroon ng anak, 'yung talagang—talagang—talagang masasama't husto sa kalupitan na mga babae. At sabi, "Gawin n'yo silang mga pulis. At kapag nagawa n'yo na silang mga pulis, haya't bigyan n'yo sila ng utos na maaari na silang magpunta sa kahit saang bahay na naisin nila, at ilabas ang bawat maliliit na sanggol at iumpog ang ulo nito sa pader, at ihagis dun sa mga buwaya para kainin. Bawat maliliit na sanggol!" Oh, grabeng kalupit talaga! Tapos alam n'yo ba kung anong ginawa nila?

"Sige, maganda 'yan!"

113 Pagkatapos nung sumunod na araw nung naroon na si Amram na nagtratrabaho, narinig niya ang kautusan na ito na ipinapatupad na.

114 Oh, umuwi nga siya. Sabi niya, "Oh, Jochebed! Oh, mahal, pakinggan mo itong sasabihin ko sa iyo. Alam mo ba kung ano 'yung kautusan, na pinatupad? Pinapapatay raw ang lahat ng maliliit na mga lalaking sanggol." At sinabi niya ito sa kanya. Sabi, "Oh, di ko na ito maatim." Sa itaas nga'y nagpunta siya uli, para manalangin. Nung gabing 'yun nanalangin siya nang husto ng pananalangin na di pa niya nagagawa kahit kailan.

115 Hindi ba't nararapat lamang sa atin na magtuluy-tuloy sa pananalangin? Oh, magpatuloy talaga sa pananalangin! Tama po ba? Magpatuloy lamang sa pananalangin, kahit ano pang mangyari sa paligid. Magpatuloy sa pananalangin!

116 Ngayon, hayan nga't malalaman n'yo na lang, nanalangin siya nang buong gabi, "Oh Diyos, mahabag Ka! Tulong po, Diyos! Dalangin namin na Iyo kaming tulongan sa kung ano mang paraan." Bumaba na siya, nung mag-uumaga na.

117 Araw bawat araw, at, oh, grabe ang hiyawan sa buong bansa! Araw-araw naririnig nila ang hiyawan ng mga nanay, sa paroo't parito ng mga lansangan. Inaagaw nila ang kanilang maliliit na mga sanggol sa kanilang mga bisig, itong maliliit, na mga bibong maliliit na lalaking sanggol. Yung malulupit na masasamang babae'y magpupunta dun, at hahablutin ang mga sanggol sa munti nilang mga paa, at ihahampas sa pader at papatayin sila, at itatapon sila sa mga buwaya. Yung mga kaawa-awang mga nanay ay mapapaluhod na lang dun, at siya nga'y hahagulgol, "Oh, huwag n'yong kunin ang anak ko! Huwag n'yong kunin ang anak ko!" At, oh, grabeng salimuot na panahon 'yun na dinadanas nila!

118 Alam n'yo ba kung gaanong kalaki ang pagmamahal ng isang nanay sa maliit na sanggol, at kung papaano ang gigil niya sa baba nung sanggol. Naaalala n'yo ba kung papaanong si nanay ay kinukuha kayo at—at hihilamusan kayo, at hahalik

sa inyo, at—at—at sasabihin kung gaanong kaganda kayo. At kung papaanong pinatutulog niya kayo sa higaan tuwing gabi. At, oh, kung—kung kayo nga’y . . . bukas marahil ’yung munting pinto, may kaunting malamig na hangin ang makakapasok, na parang ganun, oh, naku, magmamadali si nanay at isasara niya ’yung pinto, kukumutan ang munting sanggol, at, alam n’yo, kakargahin niya ito. Iniibig niya kayo. Kita n’yo? Iniibig niya talaga kayo. Oh, mahal na mahal nga niya ang munting kaawaawang bata na ’yun na ipinagkaloob sa kanya ng Diyos, na walang sariling kakayahan at di matutulungan ang sarili, kaya ganoon na lamang ang pag-aaruga niya sa munting sanggol. At talagang hahagkan niya ang maliliit niyang mga sanggol at makikipaglaro sa kanila, dahil isa siyang tunay na nanay. Kita n’yo?

¹¹⁹ Pero itong mga matatandang kababaihan na pumapatay ng mga sanggol, di nga nila alam kung ano ang pag-ibig ng isang nanay. Hindi sila mga nanay. Ang inaalintana lang nila, basta’t makapagsaya sila sa isip nila, mga bagay sa sanlibutan, kaya nakakaya nilang magpunta at patayin ’yung mumunting mga sanggol na ’yun. Kayo nga’y mga bata pa para malaman ’yun, pero ganoon nga ang nangyayari. Siyanga. Ngayon kayo na mga nakatatanda’y alam n’yo itong tinutukoy ko rito. Siyanga, sukduhan nga! “Oh,” sasabihin n’yo, “Di ko gustong . . .” Pero ang pagpapalaglag ng sanggol ay ganoon din ’yun. Hayan nga’t, nakita n’yo na di nila alam kung ano ang pag-ibig ng isang ina. Ngayon kayo’y alam n’yo ang ibig kong sabihin sa tuwing sinasabi ko “tunay na mga nanay”! Siyanga. Walang pinag-iba; ’yun at ’yun pa ring diyablo! Kaya ganoon na nga, kagaya noon, sila . . . Isipin n’yo ’yung makalibo’t ilang libo’t ilang libo, kada taon, ganoon ngang kasaklap sa nangyari noon sa Egipto, o mas malala pa nga.

¹²⁰ At doon nga, hayan nga, nagpuntahan sila, wala silang kaalam-alam sa pag-ibig ng isang ina, kaya pinagkukuha nila ’yung mga maliliit na sanggol na ’yun at pinagpapatay sila. Oh, talagang palala nang palala. At isang araw may dumating uli na panibagong bulung-bulungan, magkakaroon daw uli sila ng panibagong pagpupulong.

¹²¹ Pinatawag ni Faraon ang lahat ng mga tagapayo niya, at lahat sila’y nagtipun-tipon. Nagpunta sila roon. Sabi, “Hayan pa rin, sila’y dumadami pa rin! Ano nang gagawin natin sa bagay na ito ngayon?”

¹²² Itong siya ring matanda na tusong, mukhang-diyablo na di mapagkakatiwalaang lalaki, siya nga’y tumayo. Ang sabi niya, “Mabuhay ang Haring Faraon. May ideya po ako. Tingnan n’yo, pinagtrabaho n’yo ang mga kalalakihan na ito. Pinagluluto n’yo sila sa hurno ng mga ladrilyo, nang dapat ganitong karami bawat araw, na inuutos pa nga sa kanila na gawin ’yun mula sa mga dayami. Pinatay n’yo na ang—ang mumunting mga sanggol

nila at kung anu-ano pa, pero dumarami pa rin sila. Ang dapat n'yo ngang gawin, ay pagtrabahuin ang mga kababaihan, din. Kung pagtrabahuin n'yo ang mga kababaihan, haya't hindi na sila..." Ngayon, di po kasi 'yan ang puwesto ng babae. Hindi. Kaya ang sabi nila, "Haya't kung pagtrabahuin n'yo ang mga kababaihan, at ilalagay n'yo sila dun, at uutusan n'yo sila na gumawa ng ladrilyo, rin. At mangyari ngang mapapagod sila nang husto't sa pag-uwi nila, hindi na sila—hindi na sila makakapag luto ng hapunan para sa asawa nilang lalaki, hindi na sila magiging ulirang nanay, kita n'yo. At kaya kung sila'y magtrabaho at sige't patuloy sa ganoon, mangyaring sila'y—sila'y di na nila matutupad 'yun. Kaya, pagtrabahuin n'yo na rin sila, siyanga."

123 "Napakaganda n'yan! Tunay, isa kang tusong lalaki." Kaya pagtrabahuin na niya ang lahat ng mga kababaihan.

124 At heto na ang pagod at kaawa-awang si Amram, dumating nung gabing 'yun, sabi, "Oh, Jochebed, di ko na alam kung ano pang gagawin natin. Ngayon pagtrabahuin na nila ang lahat ng kababaihan. Sinasabi ko—sinasabi ko sa iyo, oh, talagang di ko na mawari kung ano pang gagawin natin! Tayo'y—tayo'y—tayo'y sadya ngang... Mga alipin tayo, at palala nang palala ang kalagayan natin. Iniisip ko—ko nga ito: kung ang Diyos ay may gagawin man na anumang bagay sa atin, baka kapag tapos na't patay na tayong lahat n'yan."

125 Ngayon, di naman hihintayin ng Diyos na magkaganoon, Siya nga ba? Hindi. Nakaantabay lang sa atin ang Diyos sa tuwi-tuwina, Siya nga ba? Sige.

126 Kaya pagkatapos nung gabi ring 'yun, sabi niya, "Aakyat na ako't mananalangin nang husto ng panalangin na di ko pa nagagawa kahit kailan!"

127 Ngayon, ganoon nga dapat ang panalangin, hindi po ba? Manalangin ng puspusang panalangin na di mo pa nagagawa kahit kailan, talagang seryosohin mo nang husto! Kita n'yo, kung ang gagawin n'yo lang ay dudulog kayo roon at sasabihin, "Panginoon, pagpalain mo si *Ganito-at-ganoon-at-ganito*," Di—di magtutuo ng malaking pansin ang Diyos sa ganoon. Pero kung talagang luluhod kayo roon at magseseryoso! Sa tuwing kayo na mga batang lalaki at batang babae ay mananalangin, talagang seryosohin n'yo nang husto! Ginagawa n'yo ba 'yan sa eskuwelahan? Hinihiling n'yo ba—n'yo ba sa Diyos na tulungan kayo sa eskuwelahan? Sa tuwing—sa tuwing nagpupunta kayo sa eskuwelahan, at di kayo nakakakuha ng mainam na mga grado, nararapat lamang na dumulog kayo at sabihin, "Diyos, hinihiling ko po—ko po sa Iyo na tulungan Mo ako."

128 Nananalangin ba kayo? Ilan sa inyo na maliliit na mga batang lalaki at batang babae ang nananalangin? Patingin nga ng mga kamay n'yo. Oh, mainam 'yan. Ngayon, maganda nga

'yan. May sikretong lugar ba kayo na pinupuntahan n'yo para manalangin, na di kayo nakikita ni nanay at tatay dun? Ganun ba kayo manalangin? Kayo, hindi kayo nananalangin nang ganoon? Magkaroon kayo ng munting lugar, na mapupuntahan n'yo at para manalangin, at manalangin kayo roon ng munting panalangin. Nananalangin ba kayo bago matulog? Sa paggising naman sa umaga, at ganoon ba ang ginagawa n'yo? Oh, napaka inam n'yan. Ilan pa sa ibang mga batang lalaki at batang babae (itaas n'yo lang ang inyong kamay) na nananalangin? Diyan sa dulo ng gusali. Oh, hindi ba't napaka inam n'yan? Buweno, ngayon, tunay na mainam 'yan. Ipinapakita lang n'yan na may tunay na nanay at tatay kayo na nagtuturo sa inyo na gawin ang mga bagay na ito. Ngayon, ngayon sa tuwing nalalagay kayo sa panahon na talagang kailangan na kailangan n'yo ng tulong, siguraduhin n'yong manalangin kayo nang may buong sinseridad. Nagawa n'yo na ba 'yan?

¹²⁹ Kaya, si munting Amram, doon sa itaas ay pumanhik na siya. Oh, grabe! Hindi na nga siya kumain ng hapunan. Sabi niya, "Masyadong masalimuot. Grabe!"

"Oh," sabi ng asawa niya, "kailangan mo ring kumain ng hapunan, tatay."

"Hindi ko kaya, Jochebed. Hindi ko kaya. Ako—ako . . ."

¹³⁰ "Oh", sabi, "pero bumababa nang bumababa ang timbang mo, at nagiging nerbiyoso ka, at maputla na 'yang mukha mo. Isinusuka mo pa nga ang kinain mo, at ibang bagay."

¹³¹ "Oh, hindi ko na alam ang gagawin ko! Pero," sabi niya, "mahal, kung walang papasan sa mga tao nang taos-puso, kung walang mananalangin para sa mga tao, anong gagawin natin? Palala nang palala ang kalagayan natin. Tunay, may panahon na darating, na dirinig ang Diyos!"

¹³² Oo, tama 'yun. Tama 'yun. Dirinig ang Diyos. Basta't kayo nga'y lumuhod at magseryoso at maglumaglak doon!

¹³³ Oh, sa pagkakataong ito'y umakyat siya na may kakaiba. Nung umakyat na siya sa itaas sa pagkakataong ito, lumuhod siya, itinaas niya ang kanyang mga kamay sa ere, sumigaw, "Diyos, ako'y sumasamo sa Iyo ngayon!" Amen. Magseryoso! "Diyos, Ikaw nga ay may tainga, at Ikaw ay dumirinig. May mga mata Ka, at Ikaw ay nakakakita. Ikaw nga'y may alaala; Iyong nalalaman ang Iyong Salita. Batid Mo ang pangako Mo. Nagsusumamo ako sa Iyo, Diyos, na tumunghay Ka rito, Ikaw ang Diyos ni Abraham, Isaac, at Jacob, na heto nga ang bayan Mo na nasa matinding kagipitan, at sila'y nangamamatay. Ikaw po'y magpangyari sa amin, Diyos!" [Kinakatok ni Kapatid na Branham ang pulpito nang tatlong beses—Pat.] "Kahit minsan lang na Ikaw po'y mapadako sa amin dito! Talagang kailangan na kailangan Ka namin dito, o kung hindi'y mamamatay kami. Kailangan na kailangan Ka namin. Kinakailangan talaga, kung

mabubuhay kami.” Ganyan kung puspusan ang pananalangin n’yo. Oh, nanalangin talaga siya!

¹³⁴ Alam n’yo, minsan ang mga tao kapag nananalangin, sila nga’y napapagod. Hindi po ba, nanay at tatay? Oh, napapagod nga! Si Kapatid na Branham nga din kung minsa’y napapagod din na halos himatayin na ako kapag nananalangin ako nang matagal; talagang halos hihimatayin, na haya’t hindi kumain, at ano pa, nang ilang araw; at talagang mananalangin nang mananalangin nang mananalangin, at tapos mangangaral. At nalalagay nga ako sa kalagayan na talagang hihimatayin na ako, halos. At kung minsan nga nalalagay sa ganoon ang mga tao. Pero hindi ’yan ang oras na hihinto ka. Magpatuloy lang! Ang Diyos ay tutugon! [Kinakatok ni Kapatid na Branham ang pulpito nang tatlong beses—Pat.] Siyanga, po. Manghawakang mainam! Siyanga, po.

¹³⁵ Kaya nagtungo na siya sa munti’t, lumang lumalangitngit na hagdan. At nakikinita ko si Jochebed na papalapit, at ang sabi, “Oh, Amram, huwag. Mahal, ako’y—ako’y naniniwala . . .”

¹³⁶ “Ngayon, Jochebed, tingnan mo, isa kang mainam, na kalugud-lugod na . . .” Maganda nga siya, magandang munting nanay. At hinagkan niya siya sa may pisngi, alam n’yo, at tinapik nang *paganoon*. Sabi, “Ngayon, nanay, bumalik ka na at patulugin mo na sina Aaron at—at munting Miriam sa higaan. At ako’y aakyat na para manalangin. At ngayon, kung marinig mo man ako na humahagulgol, huwag kang aakyat.”

¹³⁷ “Buweno, pero, Amram, ano ngang gagawin mo, mahal? Ikaw, ikaw nga’y mistulang patay na.”

¹³⁸ “Oo, pero may—may pasanin ako para sa bayan sa aking puso. Kinakailangan kong gawin ang isang bagay patungkol dito. Kinakailangan kong manatili sa aking pagkakaluhod. At nang sa gayon ang bayan ay . . .” Sabi niya, “Nitong araw lang, nitong araw lang na ito, doon sa may buntong ng mga ladrilyo, nandun nga ako, na paulit-ulit kong sinasabi, ‘Buweno, tunay, dumirinig ang Diyos!’ At may isang malaking matandang lalaki dun na lumapit, inilagay niya ang mga kamay niya sa kanyang balakang, at sabi, ‘Kailan Siya dirinig? Kailan Siya dirinig?’ Nakita mo kung papaanong nagiging mapait na ang mga tao? Sila’y nayayamot na sa Diyos, dahil dasal sila nang dasal nang dasal, at wala namang nangyayari. At ’yung isa’y dasal nang dasal nang dasal, at wala namang nangyayari. At sinasabi pa ng mga pari, ‘Tapos na ang mga araw ng himala, ang tanging magagawa na lang nati’y yumukod sa malulupit na mga tagapagmandong ito na mga nagsisisamba sa mga pagano, o mga paganong diyus-diyosan, at kung anu-ano pa. At ano ngang magagawa pa natin?’” Pero ang sabi niya, “Pero ako nga’y sumasampalataya kay Jehovah! Amen! Nananampalataya ako na tumutugon pa rin Siya sa pananalangin!”

139 Sinasampalatayanan n'yo rin ba 'yan? [Sinasaki ng kongregasyon, "Amen!"—Pat.] Sinasampalatayanan n'yo? Amen! Lahat kayo na sumasampalataya, magsabi ng, "Amen." ["Amen."] Tumutugon pa rin sa pananalangin! Sige.

140 Munti't nangangayayat na matandang katawan, marami-rami ang nabawas na timbang. Doon sa lumalangitngit na hagdan siya nga'y umakyat, nagpunta roon at lumuhod. Sabi niya, "Oh Jehovah!" Oh, nanalangin siya ng panalangin na di pa niya nagagawa sa buong buhay niya! Sabi niya, "Jehovah, Ikaw nga'y tumunghay rito! Ikaw ang tunay na Diyos. Kami'y nananampalataya na Ika'y may tainga. Nananampalataya kami na Ika'y may mata. At batid mo ang lahat ng mga bagay. At nananampalataya kami na Ikaw ang Diyos ng mga Hebreo, at kami ang bayan na pinangakuan. Nananampalataya kami na tinutupad Mo ang Iyong Salita." Sabi, "Iyo pong tingnan ang mga pagano na ito rito, ganoon na lamang ang pananamantala nila pinagratrabaho kami sa munting halaga, at nagpapatayo ng naglalakiha't naglalaparan na mga lansangan at mga diyus-diyosan, at lahat na. Ikaw, Jehovah, Iyo po bang maaatim na maupo na lamang sa Langit at hahayaan ang mga pagano na ito na dominahin Ka? Hindi nga ako naniniwala na Iyo itong papayagan." Amen!

141 Maging ngayon ay di ako naniniwala na papayagan Niya ang ganoon! Amen! Sumingit man ang diyablo, ang Diyos ay nananatili pa ring Diyos! Tama! Hindi Niya papayagan na ang mga diyablong ito'y mamihasang gawin 'yun. Naniniwala ako, na mapasa hanggang ngayon, na itong modernong kasuotan at walang kabuluhang mga bagay, at lahat nitong kabulukan na naglipana; nananatili pa rin, ang Diyos ay nananatili pa rin na naghahari at Siya'y nananatiling Diyos! Tama! Ang kailangan nga natin ay isang tulad ni Amram, may pasanin sa kanyang puso, na may pananatili dun at talagang ipananalangin 'yun, hanggang sa ang Kalangitan ay mahawi't mabuksan sa ibayo roon, na ang Diyos ay bababa at tutugunin ang pananalangin. Amen.

142 "Ngayon Ikaw po'y bumaling dito," sabi niya, "Diyos, Iyo po bang maaatim na itong mga paganong ito ay tutuyain ang Iyong bayan nang katulad nito? Mga linggo at mga buwan at mga taon ang nagdaan. Kami po'y nananalangin nang walang humpay, na may mga luha, pero . . . [Blangkong bahagi sa teyp—Pat.] Oh Diyos, maaatim Mo po ba na hayaan na lamang ang bagay na gaya nito?"

143 Iniisip ko nga ngayon, na sa panahon na 'yun na daan-daan na maliliit na mga munting sanggol ang itinatapon sa may ilog at maduduming tubigan, at di man lang nabigyan ng tsansa na mabuhay, at itong mga kaso ng paglalaglag at lahat na ng iba na ginagawa; Oh Jehovah, hahayaan Mo po ba na magpatuloy lang ang ganitong bagay? [Kumatok si Kapatid na Branham

nang anim na beses sa pulpito—Pat.] Sa panahong ito ngayon, hayan po ang mga wisiki at mga serbesa, at ang pagsasaya sa gabi, at lahat na, at talagang grabe ang pinangangalandakan. At maging ang pulpito’y naging ganoon na lamang kahina na takot na silang magsabi ng anumang bagay patungkol dito. Jehovah, hahayaan Mo na lang po ba ang ganitong walang kapararakan na bagay na magpatuloy? Siya nga’y tutugon isa sa mga araw na ito. Oh, ang Kanyang galit ay kahindik-hindik kung dumating na ito. Siyanga, po. Heto nga ang mga babae na nagsisilitawan at ginagawang titisan ng sigarilyo ang mata ng kanilang sanggol, na dun inihuhulog ang abo, at lahat na. At mga tao na bitbit-bitbit ang kanilang maliliit na mga anak sa mga bahay-inuman, mga kabataang babae at kabataang lalaki na nakaupo roon, anim at walong taong gulang pa lang, nagsisi inom at kung anuanong mga bagay na gaya nun. At ginagawa nang legal ng bansa, at, “Ayos lang ’yan.” Oh, grabe! Iniisip n’yo ba na hindi ’yan nakikita ni Jehovah? Mangyari rin, na pinagtatawanan nila ang mga tao na sadya namang matuwid sa Diyos. At ang lahat ng mga bagay na ito na talamak na, may pagtatawa. Manghawakan lamang, sadyang humawak lamang nang maigi! Si Jehovah ay tutugon. Huwag kayong mag-alala. Sige.

¹⁴⁴ Patuloy po tayo sa ating kuwento. Nasumpungan natin siya rito na nananalangin. At siya nga’y pagod na pagod, nahimlay siya. Haya’t nanalangin siya nang nanalangin hanggang sa matumba na siya roon sa sahig. Hindi na nga niya kaya pang magpatuloy, at naidlip siya. Nagising siya. “Anong nangyayari? Masdan mo nga ito! Saan nanggagaling ang Liwanag na ’yun? Oh, masdan, may nakatayo roon sa isang sulok.” Doon nga’y nakatayo ang isang Anghel, ’yung tabak Niya’y nakasukbit sa tagiliran Niya. Oh, napatingin siya uli, at kinuskos niya ang mga mata niya. Tumayo nga siya mula sa pagkakaluhod niya, ang sabi niya, “Panginoon, oh, oh, ano—ano po ang ninanais Mo sa akin?”

¹⁴⁵ Sabi Nito, “Amram, Anghel Ako ng Diyos. Ako’y pinadala mula sa Langit, para sabihin sa iyo na dininig ng Diyos ang iyong panalangin. At napunta Ako rito para sabihin sa iyo na Siya ay magpapadala ng tagapagligtas. Kanyang naaalala ang lahat ng Kanyang ipinangako.” Nakikinita ko nga mismo ang Anghel ngayon; masdan n’yo Siya, hinugot Niya ang tabak na ’yun. Ipinanturo Niya ’yun sa direksyon ng hilaga. Tumingin si Amram. Sabi Nito, “Doon mismo sa itinuturo ng dulo ng tabak na ito ay ang pangakong lupain. At ipinangako Ko na noon kina Abraham, Isaac, at Jacob, sa inyong mga magulang, na kayo na bayang ito ay magmamana sa lupaing ’yun. At narinig Ko ang daing ng mga tao, narinig Ko ang hagulgol ng mga bata, at Ako’y pumanaog. At nais Kong malaman mo na may malaking bahagi ka rito na gagampanan, Amram, dahil ika’y naging tapat sa pananalangin. Naging tapat ka sa sambahayan mo. At sa

ganitong panahon sa susunod na taon, si Jochebed, na kalugod-lugod mong munting asawa, ay yayakap sa isang munting maliit na lalaking sanggol. At ang maliit na lalaking sanggol na ito ang magiging tagapagaligtas.” Luwalhati!

¹⁴⁶ Nasambit niya, “Oh, siyanga. Oh, siyanga. Siyanga. Oh, napaka rilag Niya.” Tumingala siya, at ’yung Anghel ay unti-unti nang pumailanlang. Mistula ngang ang buong kalangitan ay nagbukas, at yumao na Ito paalis ng silid. Naghintay siya nang kaunti. Sabi niya, “Oh, hindi naman yata ako nawawala nito sa sarili ko.”

¹⁴⁷ Sa ibaba’y nagmadali siyang bumaba, agad-agad, at ang sabi, “Jochebed! Jochebed, dali!”

Sabi, “Siyanga, ano ’yun, mahal?”

¹⁴⁸ Sabi, “Bumangon ka!” At ’yung liwanag ng buwan ay nagniningning sa may bintana, haya’t. . . Napaka ganda niyang tingnan. At ang sabi niya, “Nakatagpo ko kani-kanina lang ang Anghel ng Diyos, at sinabi Niya sa akin ang lahat ng mga bagay na ito.”

“Oh, anong itsura Niya?” sabi ng nanay. “Anong itsura Niya?”

¹⁴⁹ Sabi, “Oh, napaka rilag Niya. Kumikislap ang suot Niyang balabal. Ang mga mata Niya’y nagniningning. At may tabak Siya sa Kanyang kamay, at tumuro Siya pahilaga.” Doon nga sa direksyon na ’yun, alam n’yo, ang lupang pangako ay sa direksyon na ’yun palabas ng Egipto; papunta sa gawing ’yun, sa Palestina. Sabi niya, “Tumuro Siya pahilaga. At sinabi Niya na tayo’y magkakaroon ng sanggol nang ganito ring panahon sa susunod na taon, at ang munting sanggol na ito ang babangon at magiging manlulupig, at ililigtas ang Kanyang bayan. Oh, hallelujah, Jochebed!”

¹⁵⁰ At napansin niya na ang asawa niya ay namumuti. Ang mukha niya, kanyang mga mata ay nakatitig, ang magaganda niyang mga mata ay nakatingin. “Jochebed, anong problema?”

“Oh, Amram! Hindi, hindi, hindi! Magkakaroon daw tayo ng lalaking sanggol?”

“Oo.”

¹⁵¹ “Oh, iyong. . .Hindi maaari. Alam mo ba kung bakit? Oh, mangyari kayang ’yun mismo ang nakita mong pangitain. Alam mo kasi, si Faraon, ipinapapatay niya ang lahat ng maliliit na mga sanggol.”

¹⁵² “Totoo ’yun. Pero, alam mo ba, kung ibibigay sa atin ng Diyos ang sanggol na ito, ang Diyos mismo ang mag-iingat sa sanggol. Amen! Diyos mismo ang nangako. Diyos mismo ang mag-iingat sa kanya.”

153 Buweno, nung sumunod na araw nagtungo na siya sa trabaho niya. At ang lahat ng mga kalalakhian dun, napansin nila si Amram. Sa halip na ang dating niya roon, alam n'yo, ay para bang nakahukot siya't lahat at hapong-hapo gaya ng dati, ang mga balikat niya'y talagang matikas ngayon, na ang sabi'y, "Magpasa pa kayo ng maraming ladrilyo. Bilisan n'yo, kaya natin ito!"

"Anong nangyayari sa iyo?"

"Luwalhatiin ang Diyos! Tutugunin na kasi ng Diyos ang panalangin ko." Oh, grabe. . .

154 Alam n'yo, magiging ganung kainam ang pakiramdam n'yo kapag nakakatanggap kayo ng tugon. Hindi ba't alam natin 'yan, tatay at nanay, sa tuwing nagbibigay ang Diyos ng tugon? Hindi n'yo na nga kailangan pang makakita ng pangitain. Alam n'yo nga mismo na ang tugon ay naroon, ganoon nga. Ganoon mismo, alam n'yo na ang tugon ay naroon.

155 Ngayon, pakinggan n'yo pong maigi ngayon, gusto kong mapakinggan n'yo ito, kung anong nangyari. Ngayon alam n'yo, makalipas ang ilang sandali, sabi, "Naku, Amram, ano bang nangyayari sa iyo?"

156 "Tutugunin ng Diyos ang panalangin! Tutugunin ng Diyos ang panalangin!"

"Buweno, papaano Siya tutugon sa panalangin?"

"Walang sasagabal na kahit na ano pa."

157 Isang matandang lalaki ang lumapit dun, at sabi, "Ngayon kailan ba Siya sa isip-isip mo tutugon kahit kailan?"

158 "Buweno, hindi ko sasabihin sa iyo, dahil isa ka namang di mananampalataya, kahit sabihin ko pa. Sige't pasahan mo na lang ako ng ladrilyo." Inihagis nga 'yung mga 'yun sa isang tabi nang *paganoon* . . . ? . . . Walang pakialam; hindi n'yo kailangang sabihin sa di mananampalataya ang lahat ng bagay, di po ba? Wala kasing magiging kaibhan. Wala, nga. Tunay na wala. "Pasahan mo na lang ako ng ladrilyo. Hallelujah! Talagang tutugunin na ang panalangin!" Ganoon na ganoon mismo ang mararamdaman mo sa pagkakataon na alam mong magaganap talaga 'yun. Di po ba? Siyanga, po.

"Buweno, papaano nga Niya 'yun gagawin?"

159 "Di mo rin naman kikilalanin, ano't anuman, kaya pasahan mo na lang ako ng ladrilyo." Inihanay niya ang mga 'yun dun, ipinatong 'yung lahat ng mga kinagawian nilang ladrilyo dun.

160 Nung gabling 'yun umuwi siya, sabi, "Oh, Jochebed, isipin mo 'yun, magkakaroon tayo ng sanggol! Oh, siya'y magiging tagapagligtas! Isusugo siya ng Diyos. Oh, magiging kahanga-hanga nga 'yun."

"Oh, pero ako'y talagang. . ."

161 “Oh, huwag kang mag-alala! Huwag kang mag-alala! Oo! Ang Diyos kasi’y nasa—ang Diyos kasi’y nasa dulo ng pagtugon ngayon. May tainga ang Diyos; nakakarinig ang Diyos. May mga kamay ang Diyos; magagawa Niyang magligtas.” Kaya, oh, hayan nga siya na malaki ang pananampalataya.

162 Alam n’yo, kung kayo’y mananalangin nang lubos, kayo’y makakatanggap ng tugon, ang pananamapalataya n’yo rin ay tataas nang husto. Oh! Naranasan n’yo na bang manalangin ng kung anumang bagay, tapos alam n’yo talaga mismo sa sarili n’yo na gagawin ’yun ng Diyos para sa inyo? Ginagawa n’yo ba ’yun maliliit na mga batang babae, at kayo rin na maliliit na mga batang lalaki? Oo. Siyanga. Doon nga Siya . . . Doon n’yo nga mapagkikilala na mangyayari’t mangyayari ’yun. Sige.

163 Dumaan ang isang buong taon. At ang unang bungad agad sa inyo, ay heto nga si Amram na galing sa trabaho isang araw. At ano pong nangyari? Hayan nga ang pinaka nakatutuwang sanggol, oh, siya nga’y munting kaibig-ibig, na *ganito* lang kalaki. At kaya kinuha ng nanay itong sanggol na ito, iniabot kay Amram. At kanya itong hinagkan, alam n’yo. Iniibig nga niya siya, kita n’yo. At karga-karga siya ng nanay. Oh, isang kayamanan talaga! Sabi ng nanay, “Oh, natatakot ako, hayan nga, alam mo. Ang munting sanggol na ito, siya’y kalugud-lugod na maliit na bagay.”

164 At alam n’yo ba? Sinabi ng Biblia na siya ang pinaka kalugud-lugod na munting sanggol na ipinanganak noon. Ngayon alam ko na di sasang-ayon sa akin ang mga nanay sa bagay na ’yan. Uh-huh. Ang iniisip nila kasi . . . Iniisip kasi ng nanay n’yo na kayo ang pinaka kalugud-lugod na munting sanggol. Hindi po ba? Siyanga. Tama nga ang nanay n’yo na isipin ’yan. Pero ang sabi ng Biblia ang sanggol na ’yun ang pinaka kalugud-lugod na munting sanggol. Oh, isa nga siyang mamahaling hiyas. Hawak-hawak ng Diyos sa Kanyang mga kamay ang sanggol na ’yun, alam n’yo. Kaya, oh, siya nga ang pinaka kalugud-lugod na munting bagay sa lahat! Hihiga siya roon, at siya—siya’y ngingiti-ngiti dun, na walang ngipin.

165 Hindi ba’t may nakababatang kapatid na lalaki kayo at sila, talagang ganoon ang pagngiti nila, na haya’t wala—wala pa ngang ngipin, sadyang ngingiti nang *paganoon*?

At bigla na lang magugulantang kayo, “Wah!”

“Oh, aba, naku! Whew! Sinasabi ko na nga ba, kailangan natin siyang itago.”

“Anong problema? Anong ginagawa mo?”

166 “Dalhin mo siya sa ilalim. Alam mo naman ang kautusan. Kita mo, kung ’yung mga matatanda’t naghahabaan ang ilong na mga masasamang babaing ’yun ay magdadatingan, kukunin nila ang sanggol natin at papatayin ito. Siyanga. Di natin siya maaaring hayaan na lang na umiyak-iyak.” Kaya, oh, marahil

kailangan na niya—kailangan na niya ng agahan o hapunan. Kaya dadalhin siya nung nanay sa isang sulok, pagagatasin, alam n'yo. At kaya naman tumatahan siya.

¹⁶⁷ Pagkatapos mga ilang gabi pagkatapos nun, nakikipaglaro sila sa kanya, tapos, “Wah!” Nagsimula na naman siya, alam n'yo, nagsimula na namang mag-iiyak. Kaya't nagmadali ang nanay, at itinago, itinago agad 'yung sanggol nang paganoon. At sa ilalim, doon mismo sa talagang tago sa likod, sa loob ng dingding, may inihanda si Amram dun na munting lugar para mapagtaguan niya ng sanggol.

¹⁶⁸ At malalaman n'yo na lang, nakarinig sila ng kung ano sa itaas na biglang... [Kumakatok si Kapatid na Branham nang anim na beses sa pulpito—Pat.] “Whew! Dali!” Nagpulasan ang mga tao sa isang dako roon, sabi, “Sila na 'yan. Sila na 'yan na mga matatandang masasamang babae, na mahahaba ang mga kuko't, pinturada ang mga kuko sa daliri!” At sumilip sa dako roon 'yung matatandang masasamang babae. At sumilip sa mga bintana, “Siyanga, sila na 'yan. Nakatayo sila roon.”

[Kumakatok si Kapatid na Branham nang limang beses sa pulpito—Pat.] “Buksan n'yo!”

¹⁶⁹ Lumabas si tandang Amram, binuksan ang pinto, sabi, “Ano pong pakay n'yo?”

¹⁷⁰ Sabi, “May sanggol ka rito, at alam namin 'yun. At kukunin namin siya.”

“Wala kaming sanggol na ibibigay sa inyo.” Hindi nila ibinigay.

¹⁷¹ “Papasok pa rin kami at titingnan namin, ano't anuman. Mga babaing pulis kami. Tingnan mo itong mga tsapa namin?” At isa nga 'yung... Di po ba't kakaiba sa isang babae na nasa ganoong posisyon? Pero, “Mga babaing pulis kami. May karapatan kami galing sa itaas!” Alam n'yo, mayroon na nga tayong ganyan ngayon. At kaya—kaya pagkatapos humawi sila, pumasok na. Pumasok sila't ibinaligtad 'yung mga higaan, at pinagbubukas nila 'yung mga aparador, at ikinalat ang lahat sa sahig, at inilabas ang lahat ng mga kubre kama't ipinagpag lahat. At nagpunta sa itaas at nakita 'yung sikretong silid ni tatay. Naghanap sa lahat ng dako, pero di nila mahanap 'yung sanggol.

¹⁷² Hindi mahanap 'yung sanggol, kaya lumapit sila dun sa babae at nagtanong. Hayan nga, ang kaawa-awang si Jochebed na nakatayo roon, namumutla ang mukha. Lumapit sila sa kanya, nagsabi, “Tumingin ka rito! Alam namin na isa—isa kang nanay. Nasasabi nga namin sa itsura mo. Alam namin na isa kang babae na nagpapagatas, at alam namin na narito lang ang sanggol. Babalik kami. Makukuha rin namin siya!” Haya't lumabas na sila ng pinto. Ibinalibag ang pinto, at lumabas na sila.

Sabi niya, “Oh, oh, ano nang gagawin natin? Ano nang gagawin natin?”

173 Kaya nagsalita si Amram, “Manalangin.” Yun ba ang nararapat na gawin? [Sinasabi ng mga batang lalaki at batang babae, “Opo.”—Pat.] Yun ba ang nararapat? “Manalangin! Manalangin tayo!”

“Oh, oh, oh! Di ko na malaman kung ano—kung ano nang gagawin. Oh!”

174 Kaya ang sabi niya, “Ngayon, heto nga, kumalma ka lang, at sige’t pagatasin mo uli ang sanggol. Aakyat ako sa itaas at manalangin.”

175 Kaya nagpunta na siya sa itaas at nanalangin. Sabi niya, “Jehovah, Ikaw nga’y may tainga. Jehovah, Ikaw rin ay may mga mata. Jehovah, Ikaw po’y nakaririnig. Magagawa mong tugunin ang panalangin. Ikaw ang nagkaloob sa amin nitong sanggol na ito. Ikaw ang nagkaloob sa amin ng Iyong pangako na ito. At tutuparin Mo nga mismo ang Iyong pangako, at ingatan Mo ang sanggol na ito. At ako’y may kapanatagan!”

176 Pagkatapos na manalangin, talagang napagod nang husto, siya—siya nga’y natumba na lang nang *paganoon* at nakatulog. [Iminumuwestra ni Kapatid na Branham ang paghihulik—Pat.] Siya nga’y pagod na pagod! Buong maghaponag nagtrabaho, at buong magdamag nanalangin. Pagod na pagod siya. At tapos alam n’yo ba ang nangyari? Nakatulog siya, at nanaginip siya ng isang panaginip.

177 Alam n’yo, nangungusap nga ang Diyos sa mga panaginip, siyanga rin, Siya nga ba? Siyanga, ginagawa nga Niya. Oo, ginagawa nga Niya. Magagawa Niya. Kita n’yo? At Siya nga’y nangungusap sa mga panaginip.

178 Oh, pagkatapos nung magising na siya, haya’t ang sabi niya, [Pinalagitik ni Kapatid na Branham ang kanyang daliri nang minsan—Pat.] “Ganoon nga! Bakit nga ba hindi ko ’yun naisip agad. Yun nga ang dapat kong gawin.” [Kinatok ni Kapatid na Branham ang pulpito nang limang beses.] “Hindi ko nga ’yun ipagsasabi.”

Bumaba na siya sa may hagdan. Sabi niya, “Jochebed!”

“Ano ’yun, mahal? Oh, natatakot talaga ako. Ni hindi nga ako makatulog.”

“Oh, sige’t matulog ka na. Matulog ka na. Ayos na.”

“Paano mo nalaman?”

“Oh, basta’t alam ko. May kapanatagan ako!”

179 Sa halip na si tatay, nung gabing ’yun, ay aakyat sa itaas para manalangin, nagpunta siya roon sa silid sa ilalim. Siya nga’y abala roon sa ibaba. Iniisip ko nga kung ano ’yung ginagawa niya roon. Sige’t bumaba tayo roon at tingnan natin

siya. Nakikinita ko nga siya dun, na . . . [Nagsimulang humiging ni Kapatid na Branham, at kunwang may pinupukpok habang iminumuwestra ang paggawa ng isang bagay—Pat.] “Tapal, tapal, tapal.” [Humihiging si Kapatid na Branham.] Kukunin ’yung tambo na ito, at sisiyasatin ’yung maigi, babaluktutin at titingnan kung nararapat na ’yun. [Humihiging si Kapatid na Branham.] Lumabas nung araw na ’yun si munting Aaron, at namulot ng sangbungkos na tambo, itinambak dun sa ilalim na silid, alam n’yo. [Humihiging si Kapatid na Branham.] “God takes care of you.” [Humihiging si Kapatid na Branham.] “Old-time religion, it’s all got to be true!” [Kunwang pumupukpok si Kapatid na Branham sa isang bagay.] Talian sila rito.

Sabi ng asawa niya, “Amram, anong nangyayari sa iyo?”

“Hallelujah! Walang anuman ito, mahal. Sige’t gumawa ka lang diyan.”

¹⁸⁰ [Humihiging si Kapatid na Branham—Pat.] “It’s the old-time religion.” [Kunwang may pinupukpok uli si Kapatid na Branham.] “It’s the old-time religion.” Idugtong nga ito *rito*, siyanga. “It’s the old-time religion.” “Shhhhhhh,” tapalan ang buong ito. “And it’s good enough for me! Give me this old . . .” May ginagawa nga siya roong isang bagay.

¹⁸¹ Alam n’yo, matapos ang sanglinggo o dalawa na lumipas, haya’t paiisipin talaga kayo, nagtataka ’yung mga tao kung ano ’yung ginagawa niya.

¹⁸² Kaya nung isang gabi nung tulog na silang lahat, umakyat siya sa itaas at dinala niya itong munting bagay sa itaas, alam n’yo. Hawak-hawak niya ’yun nang *paganito*. At dinala niya ’yun sa itaas. Itinaas niya ’yung sapin kung saan natutulog ang asawa niya na si Jochebed, at ipinailalim niya ’yun sa ilalim nung sapin. At si munting Aaron at—at munting Miriam ay tulog na noon, alam n’yo; oh, kalugud-lugod na bata nga siya, ang munting batang babaing ’yun, at maging si munting Aaron. Kaya, inilagay niya ’yun sa ilalim nun. Sabi niya, “Jochebed, mahal.”

¹⁸³ Sabi niya, “Dun ka ba nananalangin ngayon sa ilalim na silid nang buong gabi, Amram?”

Sabi, “Hindi. Nandun ako sa ilalim na silid, na pinupuri ang Diyos.”

Sabi, “Ano ba ’yung ginagawa mo roon?”

¹⁸⁴ Sabi, “Sige’t sasabihin ko na sa iyo. Ngayon, alam mo na ’yung mga matatandang masasamang babae’y babalik.”

“Ganoon nga.”

¹⁸⁵ “At gusto ko ngang sabihin sa iyo kung anong gagawin natin. Nasa atin ’yung sanggol nang mag-tatatlong buwan na ngayon, at di na natin dapat panatilihin ’yung sanggol dito.”

“Oh, Amram! Gagawin mo ang ano?”

“Di natin pananatilihin dito ang sanggol.”

“Di pananatilihin dito ang sanggol?”

“Tama.”

“Oh, napaka lupit mo!”

“Hindi, hindi ako malupit. Hindi, hindi, hindi. Alam ko ang ginagawa ko.”

¹⁸⁶ “Anong ibig mong sabihin? Aba’t, kasing sama ka rin pala ni Faraon. Hindi mo na pananatilihin ang sanggol dito?”

“Oo, di natin pananatilihin dito ang sanggol.”

“Oh, di natin puwedeng gawin ’yan.”

¹⁸⁷ “Ngayon pakinggan mo. Kung itatago natin, maiwawaglit natin siya. At kung itatagubilin natin siya sa Kanya na Siyang nagbigay nito sa atin, Kanya itong masusumpungan.” Tama ba? “Ngayon, kung itatago mo ito, maiwawaglit natin ito.”

“Papaano natin maiwawaglit?”

“Hayan nga’t, ’yung mga matatandang masasamang babae ay magpupunta rito at kukunin ito.”

¹⁸⁸ At tingnan n’yo, kung itatago n’yo ang kaluluwa na ’yan at sige’t mamumuhay na gaya ng sanlibutan, maiwawaglit n’yo ’yan. Ang masasamang babae na ’yun ng impyerno’y susundan ka sa kung saan-saan. At ganoon ’yun. Lahat nitong bulok na kahibangan ng sanlibutan at mga bagay-bagay rito, susundan-sundan ka nito. Kung ipagkakait n’yo ’yun, maiwawaglit n’yo; pero kung itatagubilin n’yo pabalik sa Kanya na Siyang nagbigay nun sa inyo, masusumpungan mo nga ito’t maililigtas mo. Kaya ano uli ’yun? Kung ipagkakait natin ito, ano ’yang ginagawa natin? [Sinasabi ng mga bata, “Maiwawaglit.”—Pat.] Maiwawaglit. Kung itatagubilin natin kay Cristo, sa ati’y ano? Maililigtas. [“Maililigtas.”] Amen! Mainam. Ngayon tama ang sagot n’yo.

¹⁸⁹ Ngayon ang sabi niya, “Jochebed, maiwawaglit natin ito kung itatago natin. Kaya kung itatagubilin—itatagubilin natin ito sa Kanya na Siyang nagbigay nito sa atin, haya’t maililigtas natin ito.”

¹⁹⁰ Ngayon may kaluluwa nga kayo. At, si tatay at nanay, kayo ma’y ganoon din. Pero kung ipagkakait n’yo ito, maiwawaglit n’yo ito. Tama. Ang mga masasamang babae ng impyerno’y kukunin ’yan sa inyo. Hinahabol-habol nga nila ’yan! Pero kung itatagubilin n’yo pabalik sa Kanya na Siyang nagbigay nito sa inyo, inyo ngang maililigtas ito patungo dun sa walang katapusang Buhay. [Kumatok si Kapatid na Branham nang tatlong beses sa pulpito—Pat.] Hallelujah! Amen! Pasensya na, mga bata. Ako nga’y sadyang makaluma kaya napapasigaw ako. Kung inyo ngang ipagkakait... Sabihin nga natin ’yun

nang sabay-sabay. [Sinasaki ni Kapatid na Branham at ng kongregasyon, “Kung ipagkakaat mo, maiwawaglit mo. Kung itatagubilin mo pabalik sa Kanya na Siyang nagbigay nito sa iyo, iyo nga itong maililigtas.”] Amen. [Kumatok si Kapatid na Branham nang tatlong beses sa pulpito.] Sige’t tandaan n’yo ’yan ngayon, ito’y ibigay sa Kanya.

¹⁹¹ Ngayon sumubaybay pa tayo. Oh, nagsimula na nga siyang humagulgol. Sabi niya, “Oh, anong gagawin mo sa sanggol?” sabi niya.

“Tumingin ka rito, may gusto akong ipakita sa iyo rito.”

“Ano ’yang mayroon ka sa ilalim ng highaan?”

Sabi, “Ipagpakita ko sa iyo.” At inilabas niya ’yun.

“Oh, isang munting basket na gawa sa tambo!”

¹⁹² Isa nga ’yung maliit na barko, ’yun nga ’yun. Wala itong sagwan, wala ring layag, wala ring mga kanyon na nakalagay roon, at kahit ganoon ay dadalhin nun ang pinaka mamahaling kargamento na isinakay kailanman sa isang barko, hanggang sa panahon na ’yun. Pakinggan n’yo! Wala nga itong kapitan ni tripulante man. [Ipinapalakpak ni Kapatid na Branham ang kanyang mga kamay nang dalawang beses—Pat.] Kapatid, may alam nga akong Barko na para sa matatanda, na gaya nun, din!

¹⁹³ “Oh,” sabi niya, “Am- . . . patingin naman, Amram, patingin ako.” Nagpunta siya sa gawi nun.

¹⁹⁴ Sabi, “Tingnan mo, may maliit na takip ito rito. Kita mo?” Iniangat niya ’yung munting takip.

Sabi niya, “Whew! Ang baho naman! Uh! Whew! Naku!”

Sabi, “Oh, mabaho nga.”

“Bakit?”

¹⁹⁵ “Binuhusan ko kasi ito ng maraming alkitran. Balot na balot ito ng sahing, sa buong kabuoan nito.” Yung sahing ay alkitran, alam n’yo, kaya pinahiran nila ’yun ng sahing sa buong kabuoan nun. Yun ’yung pinakukuluan niya sa baba, at ibinuhos sa ibabaw nung mga tambo. Sinahingan niya ’yun. Sabi, “Tingnan mo, di talaga makapasok ang tubig dito. Kita mo, takip na takip ang buong paligid.” At sabi, “At di talaga makapasok, di mapapasukan ng tubig. Sinahingan ko ito.”

Sabi, “Whew! Ang tapang ng amoy!”

¹⁹⁶ Kayo na mga bata alam n’yo ’yung alkitran, kapag inaayos nila ang kalsada, “Oh, ’yung matapang na amoy na ’yun!” Pero ito—ito—ito—ito ang nagpapanatili. . . Ito—ito ang nagtatapal sa lahat ng mga bitak sa kalsada. At ’yun nga ang ginagawa nito dun, tinatapalan para di pasukin ng tubig.

¹⁹⁷ At ’yan ang ginagawa ng panalangin sa mananampalataya. Yan ang pangaraw-araw na nagtatapal palayo sa sanlibutan na makapunta sa iyo, hayan ngang kapag sinasahingan mo ang

iyong sarili sa iyong pagkakaluhod, at magsasabi, “Panginoong Jesus!” At bababa ang Dugo, at babalutan ka Nito nang buong-buo nang sa gayon di ka masaling ng kaaway. Kita n’yo? Tama. Kita n’yo? Kaya naman, oh, sa maraming pagkakataon may mga tao na mapapadaan at magsasabi, “Di naman kaaya-aya,” pero, wala nga ’yang kinalaman dito, dahil pinapanatili nitong ligtas ka. Yun naman ang mahalaga, ang mapanatili kang ligtas. Sabihin man, “Makaluma ka,” pero, di ’yun mahalaga, dahil pinapanatili nitong ligtas ka.

“Buweno,” ang sabi, “ano nang gagawin natin ngayon?”

198 “Sige,” sabi, “Sasabihin ko sa iyo kung anong gagawin natin. Kukunin natin ang sanggol, at magkakaroon tayo ng kaunting pamamaalam. Tapos kukunin natin ang sanggol at isasakay natin siya riyon, at ilalagay na natin siya sa Ilog Nile.”

199 “Oh! Hindi! Hindi! Hindi! Amram, hindi mo puwedeng ilagay ang anak nating sanggol sa ilog.”

200 “Oo! Oo! Alam ko ang ginagawa ko.” Kita n’yo, nagkaroon kasi siya ng panaginip, kaya alam niya ang dapat gawin. Kita n’yo, iniutos ’yun sa kanya ng Diyos. Alam niya ang gagawin niya. Ginawa niya ’yun, at nakita niya na ganap na tipo ’yun ng daong na nagligtas kay Noe nung kapanahunan nito.

201 Kaya ang sabi niya, “Tingnan mo, may maliit na butas ako na inilagay sa ibabaw nito, para makahinga siya. Kita mo, dito rin siya makakakuha ng sikat ng araw.”

202 At alam n’yo, ’yung daong sa Lumang Biblia, sa mismong lumang panahon, ganoon na ganoon din ang pagkakayari. At may butas din ’yun sa ibabaw, para makatingin ka, kita n’yo, at doon nga’y makakatingala siya paitaas.

203 Kaya itong kaawa-awa’t munting sanggol na ito, walang pangalan, di pa siya nabibigyan ng pangalan nung panahon na ’yun; munti’t, walang pangalan na sanggol, at gayunma’y ang pinaka kalugud-lugod na munting sanggol sa buong mundo.

204 Nung sumunod na gabi, nung maghanda na sila, at sila’y naghintay hanggang mga alas tres ng umaga, at pagkatapos sila nga’y . . . Lumakad na ang tatay. At nanalangin siya. Gumayak na, at ang sabi, “Ngayon halika na, Jochebed, bangon na!”

205 At pagkatapos ginising na nila sina munting Aaron at munting Miriam. Oh, lumapit ang munting batang babae’t inilagay niya ang bisig niya, sabi niya, “Tatay!” Si munting Miriam, ang sabi niya, “Hindi n’yo naman po siguro kukunin ang maliit naming kapatid na lalaki, na sanggol, di po ba, at ilalagay siya roon sa Nile kung saan naroon ang lahat ng mga katakut-takot na buwaya?”

206 At hinaplos ni tatay ang munting buhok ng anak niyang babae nang *paganoon*. At siya . . . Siya nga’y may magagandang mata, at magandang munting buhok. At kaya hinagkan siya ni

tatay sa gilid ng kanyang pisngi. Sabi niya, “Anak, masakit din sa akin ito, siyanga. Masakit din sa akin ito, hayan nga, pero kinakailangan nating gawin ito.”

²⁰⁷ Nakita n’yo, maliliit na mga batang babae at batang lalaki, kung minsan nga’y kinakailangan nating gawin ang mga bagay na tila ba nakakasakit sa atin, pero kinakailangan nga nating gawin ’yun, ano’t anuman. Sa tuwing may magsasabing mga kabataang babae, “Hoy, naninigarilyo ka ba?”

Sasabihin mo, “Hindi.”

²⁰⁸ “Buweno, subukan mo itong isang ito! Oh, kaibigan kita, alam mo. Sige, subukan mo ito.”

²⁰⁹ Pero ikaw nga, medyo masakit nga ’yun, pero sasabihin mo, “Huh-uh. Ayaw ko n’yan.” Kita n’yo? Kita n’yo? “Ayaw ko n’yan.”

Sabi, “Sama ka, manonood tayo ng sine ngayong gabi?”

²¹⁰ “Hindi, hindi. Huh-uh. Di ako nanonood ng mga palabas.” Kita n’yo? Marahil masakit nga ’yun sa inyo. Kita n’yo?

²¹¹ “Oh, napaka makaluma mo naman.” Huwag n’yo ngang intindihin ’yun. Marahil masakit nang kaunti. Haya’t ibaling n’yo lang ang ulo n’yo palayo roon; ’yun ang tama n’yong dapat gawin, kita n’yo. Ganoon lagi ang gawin n’yo, gawin n’yo ang tamang bagay. Sige.

²¹² At ngayon kapag itong mga kabataang babae ay natututo na sila nung kung anong patapik-tapik ng paa na pagsasayaw na parang ganoon, at gusto nilang gawin mo rin; sabihin n’yo sa kanila, “Hindi, hindi.” Huwag n’yong gawin, kita n’yo.

²¹³ “Oh, buweno, nakakaaliw pa man din ito.” Hindi mo nga alintana gaano pa ’yung nakakaaliw. Ang gusto mo kasing gawin ay kung ano ang tama, kaya ang lagi mong ginagawa ay ’yung tama. Ngayon, lagi n’yo ngang alalahanin ’yan ngayon. Hindi n’yo ito kakalimutan, hindi ba?

²¹⁴ Ngayon, ngayon ano nang ginawa nila? Kinuha na nila ang munting sanggol, at isinakay na siya roon. At nilapitan ’yun ni munting Aaron, ang sabi, “Tatay, ano pong gagawin n’yo sa sanggol natin?”

²¹⁵ Sabi niya, “Aaron, halika rito’t kumandong ka rito sa akin, anak.” Sabi, “Tingnan mo, Aaron. Kung itatago natin ang sanggol, ano nga itong ginagawa nating ito rito?” [Sinabing kongregasyon, “Iwinawaglit ito.”—Pat.] “Iwinawaglit ito. Pero kung itatagubilin naman natin ito pabalik sa mga kamay Niya na nagbigay nito sa atin, ano naman itong ginagawa nating ito?” [“Inililigtas.”] “Inililigtas.” Tama.

“Pero papaano mo maililigtas, tatay?”

²¹⁶ “Di ko alam. Di ko alam kung paano ’yun maipangyayari, pero ang Diyos na mismo ang gagawa nun.” Kita n’yo?

217 At kaya hayan nga't inilagay na nila sa loob 'yung sanggol, at hayun nga siya sa loob. At heto na silang papunta na ngayon, palabas na sila ng pinto. Lumabas na sila ng pinto, tumingin siya sa gawi *rito* sa pababa ng kalsada, tapos sa gawi *roon* sa direksyon ng kalsada. Wala ngang katao-tao dun, na kahit sino na dumadaan. Sabi, "Halika na, Jochebed. Halika na, Aaron. Halika, halika na, Miriam. Tayo na."

218 Binitbit na nila 'yung munting daong at patungo na dun sa mga talahiban sa ilog. Oh, medyo matagal pa bago magliwanag. At heto na si munting Aaron, naroon sa likuran nakahawak kay munting Miriam, munting magkapatid na lalaki't babae, sila nga'y umiiyak. At ang kaawa-awang si Jochebed, hayun nga siya na nakasunod, ang sabi . . . [Iminuwestra ni Kapatid na Branham ang pag-iyak ni Jochebed—Pat.] "Sh-sh-sh-sh-sh! Nakamatyag sila dun sa kalsada. Ingat lang. Sh! Ingat lang." Naglalakad na sila dun sa kalsada. "Sh-sh-sh! Ingat lang." Dala-dala 'yung munting sanggol. At karga-karga ni nanay ang sanggol, at—at si tatay nama'y dala-dala 'yung daong.

219 Nakarating na sila sa ilog. Oh, napaka laking ilog nga nun, ikalawa sa pinaka malaking ilog sa buong mundo, siyanga. At kaya, hayan nga, ang malaki't malawak na ilog na 'yun, na mabilis ang ragasa, at talagang punung-puno ng nakakatakot na malalaking buwaya at iba pang uri ng mga buwaya. Oh, ang tataba nila. Whew! Ipinapakain kasi sa kanila ang lahat ng maliliit na sanggol. Hayan nga't ang tataba nila. At—at sabi niya, sabi ni Jochebed kay Amram, na asawa niyang lalaki, sabi, "Oh, papaano na 'yan kung sakmalin ito ng mga buwaya? Papaano na kung galawin ito ng mga buwaya?"

220 Sabi, "Huwag kang mag-alala. Kung padadapuin nila ang mga ilong nila sa alkitran na ito, magpupulasan sila, kita mo. Yan ang dahilan kung bakit sinadyang mabaho ito, kita mo. Idikit man niya riyan ang kanyang ilong," sabi, "hindi nga siya makakaamoy ng katawan ng tao, kaya aalis na lang siya. Yang alkitran na 'yan ay talagang matapang ang amoy na anupa't lalayuan nila ito. Kaya magiging ayos lang ang lahat. Huwag kang mag-alala." Kaya sila . . . At doon nga'y inilagay na nila, 'yung munting daong. At sabi niya . . . "Ngayon pagatasin mo muna ang sanggol."

221 Kaya kinuha muna nung nanay ang sanggol at pinagatas ito, at pinagatas niya ang sanggol hanggang sa makuha na nito ang almusal niya, nung madilim pang umagang 'yun. At tapos siya [Nagmuwestra si Kapatid na Branham ng tunog ng halik nang tatlong beses—Pat.] hinagkan niya. At sabi, "Sige, Aaron, hagkan mo siya." At hinagkan 'yun ni Aaron. At tapos iniabot naman kay Miriam, at hinagkan niya 'yun. At hinagkan 'yun ng nanay, at, "Oh," sabi niya, "Ako'y parang . . ."

222 “Haya’t, sh-sh-sh! Ngayon pakinggan n’yo, kinakailangan nating maging mga sundalo. Kita n’yo? Kinakailangan nating maging mga sundalo. Ngayon gusto n’yo bang hagkan siya uli?” Hinagkan nga nilang lahat, pinalibutan nila, uli. Tapos inilagay na nila siya roon sa loob.

223 At inayos na ni nanay ’yung munting kumot, at ipinang-sapin dun, at nilagyan ng munting unan. Inilagay niya roon. Sabi niya, “Mahal kong munting sanggol, pagpalain ka ng Diyos.”

“Sh-sh-sh! Ngayon, ang Diyos ang mag-iingat sa kanya. Huwag kayong mag-alala.”

224 Isinara na ’yung takip. At masusumpungan n’yo nga roon, sinimulan nang hubarin ni tatay ang kanyang balabal, hinubad ang kanyang kamiseta. Hayun nga siya, lumusong na sa tubig.

225 Ano sa palagay n’yo ang nangyayari sa Langit, nung mga sandaling ’yun? Hallelujah! Alam n’yo, habang nangyayari ’yung mga bagay na ’yun sa ibaba, may bagay na nangyayari sa Itaas, din. Amen! Nakikinita ko nga ang Diyos na tumayo sa Kanyang Luklukan, lumakad sa dako roon, nagsabi, “Gabriel! Gabriel! Nasaan ka?”

Sabi ni Gabriel, “Heto po ako, Panginoon.”

226 “Halika rito! May ipapakita Ako sa iyo!” Sabi, “Lahat kayo na mga Anghel halikayo rito, sandali, may ipapakita Ako sa inyo. May mga tao Ako rito na nananampalataya sa Akin. Oo, may mga tao Ako rito na nagtitiwala sa Akin. Halikayo rito, sandali! Mainam nga para sa inyong lahat na mga Anghel, na tingnan n’yo ito. Tingnan n’yo!”

“Saan pong banda?”

“Diyang lamang sa ibaba. Tingnan n’yo.”

“Opo, opo. Opo, nakikita ko po.”

227 “Tumingin kayo sa ibaba roon. Nakikita n’yo ba ’yung dulo ng mga—mga—mga palumpong sa dako roon, dun sa may mga talahiban at matataas na dahong-ligaw sa ilog?”

“Opo.”

“Tumingin kayo roon!”

“Ano po ’yun?”

228 “Hayan nga ang isang lalaki na ang kanyang mga kamay ay nakataas sa ere, nakaluhod, nagsusumamo sa Akin. Hayan ang nanay na umiiyak, at dalawang maliliit na bata na umiiyak. Sila nga’y may pagtitiwala sa Akin hanggang sa pinaka huli. Gabriel, naaalala mo ba nung bumisita ka dun? Naaalala mo ba ang lalaking ’yan?”

229 “Opo, nakatagpo ko siya sa may silid nung gabing ’yun at nakipag-usap ako sa kanya. Uh-huh.”

230 “Mapasa hanggang ngayon ay nagtitiwala siya sa Akin. May mga tao Ako na nananampalataya sa Akin! May mga tao Ako na nagtitiwala sa Akin hanggang sa huli!” [Kinakatok ni Kapatid na Branham ang pulpito nang anim na beses—Pat.] “Nakikita mo ba siya? Tingnan mo siya.”

“Siyanga, oh, napaka giting niya!”

231 Yung tatay ay lumulusong dun sa tubig, unti-unti niyang itinutulak ‘yung munting bangka roon.

Nauulinigan ko nga Siya na ang sabi, “Gabriel!”

“Opo, Panginoon?”

232 “Tumawag ka ng sampung libong mga Anghel patungo sa dakong ‘yun. Bigyan mo sila ng atas na magpunta dun sa lalong madaling panahon. Tawagin mo ang hukbo ng Langit patungo sa dakong ‘yun. Isugo mo silang lahat sa paroo’t parito, mula sa buong kahabaan ng mga pasilyo ng Langit, at isugo mo silang lahat sa paroo’t parito ng Nile. Ipinag-uutos Ko na wala ni isang buwaya ang gagalaw sa kargamento! Walang kahit anong gagalaw dun! Ni piraso ng troso ay huwag mong palapitin dun.” Hallelujah!

233 Sabi ni Gabriel, “Masusunod po.” Grabe! Pinatunog niya ang trumpeta! Sampung libong mga Anghel ang tumugon agad na naarmahan!

“Ang Piloto. Saan Ka po pupuwesto, Panginoon?”

234 “Doon Ako pupuwesto sa kabilang dulo.” Nandun nga Siya lagi sa dulo para tumanggap. “Maghihintay Ako sa kabilang dulo. May itinakda akong plano. Sa tuwing pagkakatiwalaan Ako ng mga tao, may isang bagay nga Ako, isang itinakdang plano; kaya magiging maayos ang lahat sa kanila.” Kaya heto na’t, nagpunta na Siya roon sa kabilang dulo.

235 Nakikinita ko si Moises . . . o si munting Aaron at sila dun, pabalik na roon sa kalsada, umiiyak. “Sh-sh-sh-sh-sh! Huwag masyadong malakas.”

236 At si munting Miriam, nakatayo pa rin siya, nakatanaw. Sabi niya, “Oh! Oh!”

237 Sabi, “Halika na rito, Miriam, nagliliwanag na. Halika na, titilaok na maya-maya ang mga manok. Halika’t, magliliwanag na. Halika na, iha, umalis na tayo!”

238 Sabi, “Oh, tatay, tatay! Sige na po, kahit minsan pa. Hayaan n’yo lang po ako na tumayo rito, mamatyagan ko lang po at titingnan ko kung anong mangyayari. Uuwi na rin po ako maya-maya.”

239 “Oh,” [Pinalagitik ni Kapatid na Branham ang kanyang daliri—Pat.] “napaka gandang ideya nga ‘yan, Miriam. Sige’t ayos lang naman siguro ‘yun. Sige’t tumayo ka lang diyan at matyagan mo kung anong mangyayari.”

“Sige po, mamatyagan ko—mamatyagan ko.”

²⁴⁰ “Ngayon, umuwi ka na rin agad maya-maya. Matyagan mo lang kung anong mangyayari. Tapos umuwi ka’t, balitaan mo kami, kung ano ang mangyayari.”

“Sige po, tatay.” At umalis na sila, kinakailangan nilang magmadali.

²⁴¹ Si munting Miriam, siya’y nakatayo roon at nagmamatyag. Ang bungad nga sa inyo agad, haya’t nagliliwanag na. “Oh, oh, oh, ano ’yung bagay na ’yun na paparating? May—may troso. Hindi. Buwaya kaya ’yun? Oh, buti’t lumiko siya.”

²⁴² Ha-ha! Ano kaya ’yung nakita nung buwaya? Nakita niya ang isang bagay na di makita-kita ng maraming tao. Kita n’yo? Hayun nga sa tubig ang munting kargamento na umaanod dun, lumulutang dun. Iniisip nga ng iba na wala ’yung piloto; iniisip ng iba na wala ’yung kapitan. Pero mayroon po. Hayun sila na nakapalibot dun.

²⁴³ Heto ngang parating ang isang buwaya, sabi, “Oh, tingnan n’yo!” Heto nga ang daong, palutang-lutang nang *paganoon*. Haya’t pinuntahan nung buwaya. . . Oh, hindi. Hindi, hindi. Hindi nga makalapit sa kargamento ang buwaya.

Sa loob nga nun ay ang tagapagpalaya, ang tagapagligtas, para sa tatlong milyong Judio na nangangailangan ng paglaya. [Kumakatok si Kapatid na Branham nang limang beses sa pulpito—Pat.] Lahat ng mga diyablo sa impyerno’y hinding-hindi siya masaling. Lumulutang, ang munti’t makalumang daong na ito na pinahiran ng alkitran, umaanod dun sa ilog.

²⁴⁴ Tapos bigla na lang, napadpad ’yun sa may alimpuyo. “Oh!” Sabi ni Miriam, “Oh, naku! Oh, mag-ingat ka! Hayan na ang alimpuyo, mag-ingat ka! Mag-ingat ka riyan hayan na!” Malalaman n’yo na lang, bigla na lang lumihis ’yun.

²⁴⁵ Sadyang ganoon nga ’yun. Napadpad tayo sa alimpuyo, kung minsan, itong munting barko. Huwag kayong mag-alala. May Isa na nagmamatyag sa inyo. “Ang mga Anghel ng Diyos ay nakabantay sa palibot ng mga may takot sa Kanya.” Haya’t may sampung libo roon na nakahanay sa pakikibaka sa oras na ’yun.

²⁴⁶ Si munting Miriam, bababa siya, aakyat sa malaking bato roon, at magpapadausdos pababa nang *paganito*. At hahabulin niya, mamatyagan ’yung daong. At magpupunta siya sa ibaba *rito*, at lalampasan niya ’yung mga talahibang naroon. Tapos mga ilang sandali pa haya’t tila maiipit ’yun dun. Sasabihin, “Oh! Oh, paano na kaya!”

²⁴⁷ (Ngayon, binilinan siya ng tatay niya, sabi, “Ngayon huwag kang magpapahuli sa kahit kanino na binabantayan mo ’yun. Kung may tao sa paligid, umakto ka na parang di mo ’yun binabantayan, haya’t bumaling ka kunwari sa ibang daan.

Huwag—huwag kang magpapahalata na binabantayan mo ito, haya't patay-malisya ka kunwari." "Sige po," sabi niya.)

²⁴⁸ Nagpunta na siya roon sa tabing-ilog. Naipit 'yun dun. Malalaman n'yo na lang, may isang malaking grupo ng mga mangingisda sa dakong 'yun. At umakto nga siya na parang batang babae lang siya na napapadaan dun. Halos, mag-aalas diyos na noon ng umagang 'yun, alam n'yo, haya't tuluy-tuloy lang siya sa paglalakad sa tabi ng ilog. At minamatyagan niya 'yun maski patalikod man, patagilid man ang tingin, makita lang kung saan 'yun patungo.

²⁴⁹ Mga ilang saglit lang napadaan na naman siya sa isa na namang grupo dun. Haya't nakaantabay pa rin siya; umusad pa nang kaunti. Patuloy lang, umusad pa nang kaunti.

²⁵⁰ Mga ilang saglit pa'y nakarating siya sa isang malaki't mataas na pader. "Oh, naku, papunta yata sa kabila ng pader!" Ano na lang ang gagawin niya? Di niya malaman kung anong gagawin niya. Haya't hindi nga siya makaalpas sa ibabaw nung pader, kaya lumusong siya roon sa tubig at tumungtong nang *paganito*, at gumapang sa ibabaw nun. Nakaalpas naman siya, at nagpatuloy siya sa paglalakad.

²⁵¹ Malalaman n'yo na lang, nakarating siya sa loob ng isang magandang halamanan. Namumukadkad ang mga bulaklak sa lahat ng dako, at kay gaganda ng mga 'yun. Ngayon pakinggan n'yo nga ito pansumandali. Ngayon matyagan n'yo nga ito, mga mumunting batang babae. Naggagandahan na mga bulaklak, at, oh, 'yung mga punongkahoy dun ay pantay na pantay ang pagkakatabas. Napakagandang tingnan! Isa nga 'yung hardin. "Oh," sabi niya, "tingnan mo nga 'yun, dun! Oh, ang ganda! Nasa hardin yata ako ng palasyo, ng palasyo ni Faraon, sa may hardin. Ano kayang gagawin ko rito? Kung mahuli nila ako rito, oh, naku, ano kayang gagawin nila sa akin?"

²⁵² At nagmatyag siya. Hayun nga ang munting daong, at para bang tumigil na lang 'yung bigla sa mismong gitna ng tubig, at nagsimulang magpalutang-tulang dun, dun sa gitna mismo ng tubig. Ako nga'y nagtataka. At may narinig siya na nagsasalita. Nagtago siya sa likod ng mga palumpung. Naupo siya roon, at sumilip nang *paganoon*, alam n'yo, hayan nga si munting Miriam na nagmamasid-masid dun, tumitingin.

²⁵³ Malalaman n'yo na lang, heto ngang papalabas ang ilang malalaki't maskuladong mga lalaking itim na bitbit-bitbit ang isang kulandong nang *paganito*. At 'yung mga babaing dama ay nakasunod, at sila'y nagsisiawitan. At heto nang palabas ang isang babae, at may malaking gintong korona siya sa kanyang ulo, na may lilok 'yun na malaking ahas na nakabuka ang bibig (nang *paganoon*) doon sa pinaka korona niya. At isa nga siyang kalugud-lugod na babae, at hayan na nga siyang pababa roon. Nakasuot siya ng sadyang maharlikang mga damit, at mga

bagay-bagay. At nauulinigan ko nga ang isa sa mga damang babae na ang sabi, “Kamahalan, sa palagay n’yo po ba mainit-init pa kaya ang tubig sa umagang ito?”

²⁵⁴ Sabi ni Miriam, “Kamahalan? Oh, isa siyang maharlika kung ganoon, kaya ibig sabihin nandito ako sa hardin. At kung mahuli nila ako na pumasok dito, ano kayang gagawin nila sa akin?”

²⁵⁵ Hayan na nga, bumaba na ang babae. At ‘yung malalaking itim na lalaki na bitbit-bitbit nang *paganito* ‘yung tukod dun, lumakad papunta sa gilid ng tubig nang *paganoon*, at ‘yung babae’y hinubad niya ang kanyang mga panyapak. At ‘yung isa sa mga babaing dama’y may hawak nung mga tuwalya, at ‘yung iba naman ‘yung sabon. At lumusong na siya roon para sa paliligo niya para sa umagang ‘yun. Kaya lumusong na siya at nagsimula na siyang—siyang maghanda para sa paliligo niya. Hinubad niya ang panyapak niya. Sabi niya, “Itatampisaw ko muna ang paa ko rito sa tubig para malaman ko kung mainit pa rin. Oh, sadyang kaaya-aya nga, sadyang . . . Ano kaya ‘yung bagay na ‘yun dun?”

²⁵⁶ “Oh!” Si Miriam, sabi ni munting Miriam, “Oh! Uh-oh, hala’t nakita niya ang daong.”

“Oh,” sabi nung babae, “buwaya kaya ‘yun?”

²⁵⁷ Yung isa sa mga malalaki’t maskuladong lalaki dun ang sabi, “Sandali lamang po, titingnan ko.” Splash, splash, splash, lumusong siya roon sa tubig. Binuhat ‘yun nang *paganito*, at lumakad na pabalik. Sabi, “Kamahalan!” Iniabot sa damang babae. Tapos iniabot ‘yun nung damang babae at ibinigay na sa kanya nang *paganoon*, at ipinatong niya ‘yun sa lapag.

²⁵⁸ Sabi niya, “Ano ‘yan? Whew, ang baho! Nababalutan ng alkitran. Tingnan n’yo rito, may butas sa ibabaw.”

²⁵⁹ At sabi ni Miriam, “Oh! Oh, naku’t hayun na ang munti kong kapatid na lalaki! Hayun na ang munti kong kapatid na lalaki!”

²⁶⁰ At kaya binuksan na nila ‘yun nang *paganito*, “Oh, isang sanggol!” At nagsimula ‘yung . . . Ang pinaka kalugud-lugod na munting sanggol sa buong mundo! At, oh, ang Diyos na Siyang may kakayahan na magbunsod ng galit, ay may kakayahan na magpabunsod ng pag-ibig; at ang lahat nga ng pag-ibig na mailalagay Niya sa puso ng isang tao, ang pag-ibig ng isang nanay sa isang anak, haya’t inilagay Niya mismo sa puso ng dalagang ‘yun. At ang sabi niya—sabi niya, “Isa nga ito sa mga Heb- . . . Alam ko kung anong nangyayari rito. Yung malupit na tatay ko kasi ang may gawa nito! Napaka lupit niya! Ipinag-utos niya na patayin ang lahat ng maliliit na mga Hebreong bata. At marahil isa sa mga nanay dun ay nagpasya na ipaanod ang sanggol nilang ito rito, umaasa na mapapadpad ito sa kung saan. Oh, napaka lupit nga ng tatay ko! Buweno, hindi niya mapapatay ang isang ito, dahil ang isang ito’y aariin ko.” Uh-huh, nakita n’yo na ang pamamaraan ng paggawa ng Diyos?

261 Kaya kinarga niya ito, at [Iminumuwestra ni Kapatid na Branham ang tunog ng isang halik—Pat.] hinagkan niya ito. At umiyak ang sanggol. At nung umiyak ito, talagang pinalambot nun ang puso niya. Sabi niya, “Kaawa-awa naman na bata.” Sabi, “Kukupkupin ko siya at tatawagin ko siyang. . . Bibigyan ko siya ng pangalan.” At dun nga niya nakuha ang pangalan niya.

262 Ano pong pangalan niya? [Sinasaki ng kongregasyon, “Moises.”—Pat.] Moises. At ang ibig sabihin ng *Moises* ay “hinango mula sa tubig.” Kita n’yo?

263 Sabi niya, “Ngayon tatawagin ko siyang Moises, at ang bata na ito’y magiging sarili kong sanggol. Kukupkupin ko siya.” Pero hayan nga’t ang sabi niya, “Pero isa naman akong dalaga, hindi ko nga siya mapapagatas. Wala—wala—wala akong paraan para pakainin siya.” Wala pa nga silang mga bote—botelya nung araw na ’yun at ganoong mga bagay. Hindi rin naninigarilyo ang mga kababaihan nung araw na haya’t di tulad sa panahon ngayon, kita n’yo, at nalalason tuloy nila ang sarili nila sa ganoon. Kaya ang sabi, “Buweno, baka mayroon kayong kakilala na. . .” Sabi, “Ano—ano kayang gagawin ko?” Kaya ang sabi niya, “Ako. . .”

264 Yung isa sa mga tauhan dun ang sabi, “Iminumungkahi ko po, kamahalan, maghahanap ako ng babaing magpapagatas para sa iyong sanggol.”

“Oh,” sabi niya, “mainam ’yan.” Si munting. . .

265 May nagsalita, isang Anghel na nakatayo roon sa tabi nung palumpong, sabi, “Miriam, ito na ang pagkakataon mo! Ito na ang pagkakataon mo!” [Kumatok si Kapatid na Branham nang walong beses sa pulpito—Pat.] Lumantad na si Miriam. Sabi, “Huwag kang matatakot na magsalita ngayon, huwag kang kabahan. Lumantad ka roon at sabihin mo na ‘maghahanap ka ng babaing magpapagatas,’ at ang nanay mo ang kukunin mo.”

Hayan na nga, kaya ’yun mismo ang sinabi niya. Sabi niya, “Kamahalan!”

266 Ngayon, kalimitan, ang sasabihin dapat ng babae, “Anong ginagawa mo rito?” Pero, nakita n’yo, ang Diyos ang nag-ingat sa panahon na ’yun. Bakit? May sampung libong mga Anghel Siya roon na nakabantay. Kita n’yo? Ang programa Niya ay gagana. May sampung libong mga Anghel Siya sa dakong ’yun na nakatayo.

267 Kaya mangyaring malalaman n’yo na lang, sabi ay. . .sabi, “Ano ’yun, munting iha, anong ginagawa mo rian?”

268 Ang sabi niya, “Napansin ko po kayo na may sanggol.” Sabi, “May alam po ako kung saan mayroong mabuting nanay na mag-aalaga sa inyo pong sanggol para sa inyo.”

269 Sabi niya, “Sige’t, sunduin mo siya, at sabihin mo sa kanya na bibigyan ko siya ng tatlong daang dolyar kada linggo para

alagaan ang sanggol na ito, at lalaanan ko siya ng kumpletong kasangkapan na mga silid sa may palasyo. At kung may alam ka't matatagpuan na isang Hebreong babae, na nagpapagatas, na magpapagatas sa sanggol na ito, sa sanggol kong ito."

Sabi, "Opo, kamahalan, hahanapan po kita."

²⁷⁰ Sabi, "Ngayon, sandali lang! Bago ka pumasok sa palasyo, kinakailangan mo ng lihim na salita para makapasok. Kita mo, di mo pa kasi alam ang lihim na salitang 'yun. Araw-araw may lihim na salita kami para makapasok. Ngayon, ang lihim na salita para sa araw na ito, alam mo kung ano 'yun? 'Mahabang tinidor at kumpay ng dayami." Sabi, "Yun ang dapat mong sabihin para makapasok ka sa pintuan ng palasyo."

²⁷¹ Kaya si munting Miriam ay masiglang nagpalakad-lakad pauwi ng bahay, talagang binilisan niya sa abot ng makakaya niya, at lumukso pa sa ibabaw ng pader, tumugaygay sa kalye, at dumaan sa gawi *rito*, at sumuot sa gawi *rito*, at talagang sa abot ng makakaya niya. Kumaripas siya sa bahay.

²⁷² At—at si Amram ay kararating lang noon sa bahay, at si Jochebed. At, oh, napaka lungkot nila, alalang-alala sa kung ano na kaya ang nangyari. Sabi niya, "Ang kaawa-awa kong sanggol! Ang kaawa-awa kong sanggol!" Siya'y . . .

²⁷³ Sabi nung tatay, "Ngayon pakinggan mo," Sabi, "Dumaan ako kanina sa may kalsada kani-kanina lang, at 'yung kaawa-awang nanay dun ay talagang nagising niya ang lahat buong araw. Dumaan kasi ang masasamang babae sa mga kabahayan dito nung umaga, at talagang pinag-uumpog nila 'yung mga ulo ng sanggol sa dakong 'yun ng mga kabahayan." At sabi, "Grabe ang hiyawan nila't paghagulgol! Ngayon, di ko alam, pero ang iyong sanggol, saan man siya naroon ngayon. Saan man naroon ang sanggol natin ngayon, iingat na siya ng Diyos."

²⁷⁴ Nung sandali ring 'yun bigla na lang may . . . [Kumakatok si Kapatid na Branham nang apat na beses sa pulpito—Pat.] "Oh! Oh! Hayan na sila, nasa pinto na ngayon." Kaya, pinuntahan nila at sinilip. Hindi, hindi pala. Si Miriam pala.

²⁷⁵ Sabi nung nanay, "Oh! Oh, Miriam! Halika't pumasok ka, anak! Anong nangyari sa sanggol?"

Sabi niya, "Nanay, gutom na gutom po ako."

Sabi, "Pero anong nangyari sa sanggol?"

²⁷⁶ Sabi, "Grabe po ang gutom ko, nanay." Sabi, "Oh, purihin ang Panginoon! Hallelujah! Grabe po ang gutom ko, nanay."

Sabi, "Pero ano ngang nangyari dun sa sanggol?"

²⁷⁷ Sabi, "Nanay, grabe po talaga ang gutom ko na makakain ko po talaga ang lahat dito sa bahay."

278 Sabi, “Sige’t kukuhanan ka namin ng makakain, pero ano na ngang nangyari dun sa sanggol?” [Kumatok si Kapatid na Branham nang tatlong beses sa pulpito—Pat.]

279 Sabi, “Oh, ligtas po ang sanggol, nanay. Bigyan n’yo po ako ng makakain. Oh, tuwang-tuwa po ako!”

“Pero ano ngang nangyari sa kanya?”

280 “Buweno, sige po’t bigyan n’yo muna ako ng makakain, talagang gutom na gutom na ako.” Nakikinita n’yo po ba?

281 Sabi niya, “Miriam! Ang nanay at tatay mo ito. Nasaan nga ang sanggol?” [Kumatok si Kapatid na Branham nang tatlong beses sa pulpito—Pat.]

282 Sabi niya, “Nanay, sinabi ko na po sa inyo. Ang sanggol, nakita ko, at ligtas po siya. Ngayon, nanay, bigyan n’yo po ako ng makakain; gutom na po talaga ako. Alam n’yo, ako—ako’y talagang gutom na.” Katulad nga ng kapag umuuwi kayo sa bahay galing sa eskuwela, alam n’yo; oh, talagang gusto n’yong kumain.

Kaya, naghanda ang nanay at inabutan siya ng tinapay na may palaman. Sabi, “Ngayon ikuwento mo na sa akin.”

283 At ’yung batang babae nga’y, “Yum, yum, yum,” kumakain, alam n’yo, hayan nga. Sabi, “Nanay?”

Sabi, “Ano ’yun, ano nang nangyari sa sanggol?”

284 “Naku,” sabi, “nanay. . .” Tapos ikinuwento niya sa kanya ang nangyari. At sabi, “Nanay, maghanda ka na po’t kunin mo na ang pinaka mainam mong damit, at kunin mo po ang maleta mo at mag-impake ka na, dahil aalis po kayo para alagaan ang sanggol.” Oh! Oh! Oh!

“Ano?”

285 Kung maiwaglit n’yo kasi, masusumpungan n’yo uli ’yun. Tama ba? Kung ipagkakait n’yo, maiwawaglit n’yo. Kung itatagubilin n’yo, mawawala sa inyo, haya’t masusumpungan n’yo nga. Tama po ba?

286 At si munting Miriam ay abala nga dun sa pagkain. Sabi, “Opo.” Sabi, “Magpupunta ka po sa palasyo ngayong araw na ito. At di lang ’yun, haya’t kayo po’y magkakaroon, bibigyan, bibigyan ng tatlong daang dolyar kada linggo, at ng pinaka maiinam na mga silid sa buong bansa, para alagaan ang sarili mo pong sanggol.”

287 Pinaka unang beses po ’yun sa buong kasaysayan ng mundo na ang isang nanay ay binayaran para pagatasin ang sarili niyang sanggol. Nakita n’yo kung paano ang pagkilos ng Diyos dito? [Ipinapalampak ni Kapatid na Branham ang kanyang mga kamay nang tatlong beses—Pat.] Hallelujah! Pagatasin ang sarili niyang sanggol, at tatanggap pa ng tatlong daang dolyar kada linggo para dun, at titira ka pa sa pinaka maiinam na mga

silid sa buong bansa. Grabe nga kapag kumilos ang Diyos, Siya nga ba? Kapaki-pakinabang ba ang manalangin? [Sinasabi ng kongregasyon, “Oo.”] Mainam ba na manalangin? [“Amen.”]

²⁸⁸ Kaya, inihanda na niya ang munti niyang maleta. Sige’t bibilisan na natin, magtatapos na tayo nang ilang saglit. Kaya tayo . . . Hayan nga siya na naihanda na niya ang maleta niya, at sa kalsada’y nagpunta na siya, nang simbilis sa abot nang makakaya niya. At unang bungad sa inyo roon, nung pagdating niya roon; nakatayo roon ang malaking matapang na bantay na may bitbit-bitbit na malaki’t mahabang sibat, ang sabi, “Sino ka na papasok diyan?”

Sabi niya, “Mahabang tinidor at kumpay ng dayami.”

“Sige’t makakadaan ka.” Nakita n’yo na ang pagkilos ng Diyos sa mga bagay-bagay?

²⁸⁹ Dumaan sa kasunod na bantay. Haya’t iniharang nga nito ang kanyang tabak, sabi, “Sino ka? Sino ka na papasok diyan?”

Sabi, “Mahabang tinidor at kumpay ng dayami.”

Sabi, “Sige’t makakadaan ka.” Grabe! Nakita n’yo na kung papaanong kumikilos ang Diyos?

²⁹⁰ Umakyat na, tinitingnan-tingnan kung saan siya susunod na pupunta sa palasyo; umakyat, at lahat nung mga maharlika dun ay tumayo, hinugot ang kanilang mga tabak. “Sino ka na papasok diyan?”

Sabi, “Mahabang tinidor at kumpay ng dayami.”

“Sige’t makakadaan ka.”

²⁹¹ Tiyempo namang, may lalaking lumabas dun, sabi, “Ikaw ba ang batang babae na hinihintay ng kamahalan?”

“Opo.”

²⁹² “At ito na ba ang magpapagatas sa sanggol na natagpuan nitong umagang ito?”

“Opo.”

²⁹³ Sabi, “Buweno, papasukin mo siya.” Kaya inilabas na niya ’yung sanggol . . . o pinapasok pala ’yung nanay.

²⁹⁴ At—at ’yung—’yung munting prinsesa’y lumabas na, at ang sabi niya, “Marami ka bang nalalaman tungkol sa sanggol?”

Sabi niya, “Opo, kamahalan.”

Sabi niya, “Tingnan mo ang sanggol na ito. Hindi ba’t siya’y kalugud-lugod?”

“Opo, kamahalan. Opo.”

Sabi, “Alam mo ba kung papaano magpagatas ng sanggol?”

“Opo, kamahalan. Alam ko po.”

²⁹⁵ “Buweno,” sabi, “Bibigyan kita ng sahod na tatlong daang dolyar kada linggo.” Hum! Hindi ba’t kaybuti-buti ng Diyos? At

sabi, “At magagamit mo ang pinaka mainam na mga silid dito sa palasyo, at ang mga pagkain mo ay dadalhin sa iyo. Kaya di mo na kailangang lumabas pa’t magluto ng sarili mong kakainin.” Sabi, “Ngayon, heto na ang sanggol, ingatan mo. Huwag mong ibabagsak.”

“Oh, huwag po kayong mag-alala, di ko po gagawin ’yun. Huwag po kayong mag-alala, hindi ko po ibabagsak.”

“Alagaan mo siya nang pinaka mainam na pag-aalaga.”

²⁹⁶ “Huwag po kayong mag-alala, sisiguruhin ko po. Aalagaan ko siya nang pinaka mainam na pag-aalaga.” Siyanga naman, dahil sarili niyang anak ’yun, kita n’yo. “Aalagaan ko siya nang pinaka mainam na pag-aalaga kailanman.”

“Nakikita mo ba na kalugud-lugod ang batang ito?”

“Kalugud-lugod nga,” sabi niya.

“Sige.”

²⁹⁷ Isinara na ang pintuan, para kina Miriam, at sa nanay, at kay munting Moises. At nung maisara na ’yung pinto, tumingin siya sa buong paligid. Sabi niya, “Tsk-*tsk-*tsk!** At ang iniisip niya’y sanggol ka raw *niya*. Ha-ha-ha-ha-ha!” Oh, grabe! At kanyang nilaro ang sanggol.

²⁹⁸ Ano ’yung ginawa niya? Siya. . . Kung itinago niya ’yun, ano sana ang ginawa niyang ’yun? [Sinasaki ng kongregasyon, “Maiwawaglit ito.”—Pat.] Pero dahil sa, itinagubilin niya ito pabalik sa Kanya na Siyang nagkaloob nito sa kanya, at siya (ay ano?) nasumpungan niya, at kaya mapapasa kanya. Ngayon anong mangyayari kung iwawaglit. . . Kung ipagkakait natin ang ating kaluluwa, anong mangyayari? [“Maiwawaglit natin.”] At kung itatagubilin naman natin pabalik sa Kanya na Siyang nagbigay nito sa atin, anong mangyayari? [“Maililigtas natin.”] Maililigtas natin. Tama po ba?

²⁹⁹ Ilan po sa inyo rito ang nagnanais na dumulog dito sa altar at mananalangin? Nagnanais ba kayong gawin ’yun? Ninanais n’yo ba na pag-ingatan kayo ni Jesus gaya ng ginawa Niya sa kanila, sa maliit na sanggol? Gaanong. . . Sige’t ang lahat, ng maliliit na mga bata’y, magtipon dito sa palibot ng altar sa oras na ito. Magagawa n’yo ba? Sige’t lumapit lamang, magsiluhod sa palibot ng altar. Manalangin tayo, lahat kayo. Lahat ng mga maliliit na bata ngayon sige’t lumapit na rito. Nagustuhan n’yo ba ang kuwento ko patungkol dito? [Sinasaki ng kongregasyon, “Oo.”—Pat.] Nagustuhan n’yo ba? Sige po’t, halina kayo rito sa may altar. Halina kayo. Lahat ng maliliit na mga bata’y magsilapit na, lumuhod dito sa palibot ng altar, sige’t lumuhod lang diyan sa—diyan sa may altar. Sige lang po. Lahat kayo na maliliit na bata sa likod, lumapit na rito ngayon, mananalangin tayo. Sige. Sa mga nagnanais diyan na lumapit at manalangin.

Lumapit lang kayo at lumuhod sa palibot ng altar. Sige lang po. Ngayon, mainam 'yan. Tama po 'yan.

³⁰⁰ Ngayon, sa mga nanay naman, nagnanais po ba kayo na lumapit, din, at maging sa mga tatay, nagnanais din ba kayo na lumuhod dito sa may altar?

³⁰¹ Ngayon gusto kong tanungin kayo mga mumunting bata ng isang bagay rito. Tumingin kayo. Nananampalataya ba kayo na iniibig kayo ni Jesus gaya ng ginawa Niya kay Moises? Kayo ba'y naniniwala na binabantayan kayo ng mga Anghel gaya nito? Ngayon, binigyan kayo ng Diyos ng kaluluwa, hindi ba't ginawa nga Niya? Ngayon, kung ipagkakait n'yo sa sarili n'yo ang kaluluwa n'yo, anong mangyayari diyan? [Sinabi ng mga bata, "Maiwawaglit."—Pat.] Maiwawaglit nga ito. Pero kung itatagubilin n'yo pabalik kay Jesus sa umagang ito, kung ganun ano 'yang ginawa n'yo? ["Iligtas ito."] Haya't—haya't iligtas ito. Gusto mo ngang iligtas ito. Ngayon gusto n'yo ngang iligtas ang kaluluwa n'yo, di po ba? At gusto n'yong lumaki na maging tunay na mga nanay at tunay na mga binibini, hindi ba; at mga tunay na lalaki, mga mangangaral, at kung ano pa? Di po ba't 'yan ang inaasam n'yong gawin? Ngayon, kung oo, kung ganoon ay ibigay n'yo ang inyong kaluluwa kay Jesus. Ganito nga ang gawin n'yo. Sabihin n'yo, "Minamahal na Jesus, ito po ang lahat-lahat na maitatagubilin ko sa Iyo, ito pong kaluluwa ko, pero ako po'y ingatan Mo katulad ng ginawa Mo kay Moises."

³⁰² Ngayon, kung mayroon sa inyo na mga nakatatanda na nagnanais din na lumapit at lumuhod, din, kung mayroon mang ilan sa inyo na mga nanay, marahil, na marahil nagnanais na lumuhod dito sa umagang ito. Buweno, malaya kayo na gawin, din. Kung ninanais n'yo, sige't lumapit lang, lumuhod mismo dito. Mainam 'yan. Heto nga ang isang nanay na lumalapit kasama ang maliit niyang anak na lalaki. Mayroon pa po bang iba riyan?

³⁰³ Sa tatay naman, tatay, kung mayroon po sa inyo riyan, kung nagnanais kayong maging mapanalangin lalaki tulad ni Amram, sige't lumapit lamang, lumuhod, din.

³⁰⁴ Nanay, kung nagnanais kayong maging tulad ni Jochebed, sige po't, lumapit lang po rito, lumuhod, din.

³⁰⁵ Siyanga't, para sa lahat ito. Dahil (Ano?) may kaluluwa rin kayo, siyanga. Kung ipagkakait n'yo 'yan, anong mangyayari? [Sinabi ng kongregasyon, "Iwawaglit."—Pat.] Iwawaglit. At kung itatagubilin n'yo pabalik sa Kanya na Siyang nagbigay nito sa inyo, anong mangyayari? ["Maililigtas ito."] Maililigtas mo nga ito, patungo sa walang katapusang Buhay. Tama 'yun. Ngayon, sige't magtipun-tipon kayo rito sa palibot, lahat kayo na nagnanais ngayon, at dumulog tayo sa isang pananalangin kasama ng maliliit na mga batang ito, at sa ating lahat, lahat tayo ngayon.

³⁰⁶ Araw ng mga Nanay, isa pong kahanga-hangang araw. At marahil mamayang gabi, marahil papalitan ko ang paksa ko at ipagpapatuloy ko ito mamayang gabi at ipapangusap ko kung ano ang ginawa ng nanay na ito, kung paano ang ginawa ng nanay na ito. Siya nga ang nagturo sa maliit na batang lalaking 'yun para pangunahan ang buong Israel patungo sa lupang pangako. Oh, isa nga siyang tunay na nanay. Hindi ba't isa nga siyang tunay na nanay? [Sinasabi ng mga bata, "Opo."—Pat.] Ngayon, may tunay na nanay rin kayo, siyanga, at si nanay ay nananalangin nga para sa inyo. Hayan din siya na tunay na tatay. At si tatay ay nananalangin mismo para sa inyo. At ngayon lahat tayo'y mananalangin nang magkakasama, at hihiling kay Jesus na tulongan tayo.

Kapatid na Neville, maaari po ba kayong lumapit, lumuhod kasama namin?

³⁰⁷ At lahat tayo'y iyuko natin ang ating mga ulo, sa lahat ng dako. Ngayon Kapatid na Gertie... [Sinimulang tugtugin ng piyanista ang *Bring Them In*—Pat.]

³⁰⁸ Minamahal na Makalangit na Ama, ito pong munting, simpleng kuwento sa araw na ito, patungkol sa mga araw na matagal nang nagdaan, kung saan may isang tunay na tatay at nanay, o tunay na mananampalataya, na dumulog po sa Iyo at sinamba Ka. Sumasampalataya sila sa Iyo. May kagipitan sa lupaing 'yun nung panahon na 'yun. At laking kagalakan po namin na malaman na may munting Moises ng kasalukuyang panahon na ito na nakaluhod dito sa umagang ito! Laking kagalakan po namin na malaman na may munting Miriam ng kasalukuyang panahon na ito na nakaluhod dito sa umagang ito, siyanga rin, na propetisa!

³⁰⁹ Oh Minamahal na Ama, ang maliliit na mga batang ito'y umiibig sa Iyo, at sila'y lumapit, nakaluhod sa harap ng krus, napagkikilala na may kaluluwa sila na dapat mailigtas, at kanila pong itinatagubilin ito sa Iyo ngayon. Sapagkat nabasa po namin ngayon-ngayon lang sa Iyong Salita, "Kung mawala n'yo ito, masusumpungan n'yo ito; at kung ipagkakait n'yo ito, maiwawaglit n'yo ito." At, Ama, hindi nga nila nais na ipagkait ang kanilang kaluluwa para sa kanilang sarili. Hindi nga nila ibig na mamuhay para sa sarili nilang kapakanan. Ninanais nila na itagubilin ang kanilang kaluluwa sa Iyo, nang sa gayon, sa kanilang pagtatagubilin, sila'y makakasumpong ng Walang Hanggang Buhay. Iyong ipagkaloob, Iyo pong ipagkaloob ito, Panginoon.

³¹⁰ Iyo pong pagpalain ang maliliit na mga batang lalaki't mga batang babae na ito sa palibot ng altar. Iyo pong pagpalain ang mga nanay at mga tatay na narito sa umagang ito. Oh, ang Iyo pong mapagmahal na biyaya at kaawaan ay mapasa lahat. Iyo pong patawarin kami, Panginoon, sa lahat ng mga pagkakasala

namin at pagkukulang. Iyo pong alisin ang karamdaman sa kalagitnaan namin.

³¹¹ Iyo pong isugo ang mga Anghel! Hallelujah! Diyos, Ikaw na Siyang nag-utos kay Gabriel, at sa sampung libong mga Anghel na nakipagbaka, ganoon na lamang karaming mga Anghel ang paparito sa pagkakita nila rito sa mga kaawa-awa't maliliit na mga batang ito na nakaluhod sa altar na ito ngayong umaga! Sa buong paligid, sa altar na ito at sa buong bahay-sambahan na ito, haya't nakatayo ang mga Anghel ng Diyos. Ang Anghel na gumagawa ng tala ay narito, isinusulat ang kanilang mga pangalan sa Aklat. Iwinawaglit nila ang kanilang kaluluwa, nang sa gayong Pangumpungan nila ito kay Cristo! Iyo pong ipagkaloob ito, Panginoon.

³¹² Nawa, mula sa araw na ito, simula ngayon, ang mumunti nilang mga buhay ay maging sadyang kalugud-lugod at may pagpapakumbaba. Nawa sila'y maging masunuring mga bata sa kanilang mga magulang at sa kanilang Makalangit na Ama, hanggang sa araw na Iyo silang tawagin na sa Tahanan. Iyo pong patnubayan sila sa kanilang maliit na barko, sa lahat ng masasalubong na mga alimpuyo. Sa tuwing masasalabat sila sa mga dahong-ligaw, nawa ang Anghel ng Diyos ay itulak ito sa umaanod na daloy ng pag-ibig ng Diyos. Iyo pong ipagkaloob ito, Panginoon. At sa dulo ng daan, nawa'y makasumpung sila ng kaibig-ibig na Tahanan, at ang mga nanay at mga mahal nila sa buhay ay maparoon din sa Kaluwalhatian, kung saan ang Diyos ay nakatayo sa pintuan para malugod na tumanggap, sa araw na 'yun. Iyo pong ipagkaloob ito, Ama.

³¹³ Iyo pong patawarin kami sa lahat ng aming mga kasalanan at paglabag. At kami'y tulungan mula sa araw na ito na maging buong-buong sa Iyo. Itinatagubilin po namin ang maliliit na mga batang ito sa Iyong mga kamay ngayon. At maging ang mga nanay na ito kasama nila, Panginoon, na sila'y maging tamang uri ng mga nanay sa Araw na ito ng mga Nanay, sa araw na ito ng pag-aalaala na handog sa mga nanay. At nawa sila, mula sa araw na ito'y, maging mas maiinam na mga nanay. Ang mga bata'y maging mas maiinam na mga kabataan. Nawa kami'y mas maging kainam-inam, Panginoon, at higit Ka pang paglingkuran nang mas mainam. Iyo pong ipagkaloob ito, Ama, sapagkat hinihiling namin ito sa Pangalan ni Jesus. Amen.

Ngayon umawit tayo ng kaunting koro.

³¹⁴ Nananampalataya ba kayo na iniligtas na kayo ni Jesus? Nagnanais ba kayo na si Jesus ay bantayan kayo ngayon, sa inyong pagkakatayo riyan? Itaas n'yo po ang inyong kamay sa Kanya, nang *paganito* ngayon. Gusto kong bumaling kayo kina tatay at nanay, at sa lahat dito. Bumaling kayo sa gawi *rito*. Ngayon tumingin po kayo rito, nanay at tatay. Lahat ng maliliit na mga batang babae't batang lalaki ay tumayo. Ngayon, ilan sa

inyo ang tumatanggap kay Jesus bilang inyong Tagapagligtas, at mula ngayon ay magtitiwala na kayo kay Jesus, na kayo'y iingatan katulad ng ginawa Niya kay munting Moises, patingin ng mga kamay ninyo. Hayan nga't lahat kayo. Mainam 'yan! Ngayon anong mangyayari? Kung ipagkakait n'yo ang inyong kaluluwa, kayo'y ano? [Sinasiabi ng kongregasyon, "Iwawaglit ito."—Pat.] Iwawaglit ito. Pero kung itatagubilin n'yo kay Jesus, anong mangyayari? ["Maililigtas."] Maililigtas n'yo nga. Ngayon, ano kaya kung kukunin na kayo ni Jesus sa umagang ito? At kayo nga'y kay Jesus na ngayon, hindi ba? Kayo'y mga mumunting batang lalaki't batang babae kay Jesus.

³¹⁵ Tingnan n'yo po ang mga mumunting mga batang ito na nakatayo rito at lumuluha. Huwag n'yong sabihin sa akin na di 'yan nalalaman ng Diyos? Amen. Ang mga kalalakihan at kababaihan ng hinaharap! Tumayo po.

Bring them in from the fields of sin;
Bring them in, bring them in,
Bring the little ones to Jesus.

"Oh, How I Love Jesus!" Sige't awitin ngayon!

Oh . . . (lahat po) . . . how I love Jesus, (itaas n'yo
ang inyong mga kamay ngayon)
Oh, how I love Jesus,
Oh, how I love Jesus,
Because He first loved me.

³¹⁶ Hindi po ba't napaka ganda nito? Ngayon, *Jesus Loves The Little Children Of The World*. Ibigay mo sa amin ang tipa, kapatid na babae. Ngayon lahat kayo'y bumaling sa gawi rito, sa akin, mga maliliit na batang babae. Gusto kong awitin ang *Jesus Loves The Little Children Of The World*. Ilan po rito ang nakakaalam nun? Sige, awitin natin ngayon.

Jesus loves the little children,
All the children of the world;
Red and yellow, black and white, they are
precious in His sight,
Jesus loves the little children of the world.

³¹⁷ Ngayon, lahat kayo'y kabilang na sa hukbo ngayon. Alam n'yo po ba 'yun? Alam n'yo ba na kabilang na kayo sa hukbo ng Diyos? Ngayon, tumingin po kayo rito sa akin. At awitin n'yo ito kasama ko ngayon, dahil kayo'y mga sundalo na ngayon. Alam n'yo ba 'yun? Mga sundalo ng krus! Ngayon, *I May Never March* . . . Alam n'yo ba 'yun? Sige. Sige, matagal na po, ang lumang pang-Sunday school na awiting ito na natutunan ko.

I may never . . .

Ngayon kayo, sabayan n'yo ako ngayon. [Nagmumuwestra ng mga galaw si Kapatid na Branham habang inaawit ang mga liriko ng *I'm In The Lord's Army*—Pat.]

I may never march in the infantry,
Ride in the cavalry, shoot artillery;
I may never fly over the enemy,
But I'm in the Lord's army.

I'm in the Lord's army,
Oh, I'm in the Lord's army!

Sige lang po't sabayan n'yo ako ngayon. Sabay-sabay tayong lahat ngayon. Ngayon na!

I may never march in the infantry,
Ride in the cavalry, shoot artillery;
I may never fly over the enemy,
But I'm in the Lord's army.

³¹⁸ Kaya mo bang awitin 'yun nang mag-isa? Halika rito, iha, halika rito sa itaas. Ngayon gusto kong lahat kayo ay gayahin itong mga galaw na ginagawa ko. Halika rito, sa likod ng altar, ngayon. Halika rito sa itaas. Lahat po kayo, lumapit lang nang kaunti sa kinatatayuan ko, kita n'yo. Magmartsa kayo papunta rito; walang aalis ng altar. Halikayo rito kasama ko. Tama 'yan. Sige. Sige't *paganito* po. Ngayon bumaling kayo nang *paganito*, humarap sa mga tagapakinig, nang *paganito*. Tama 'yan. Gusto kong ipakita sa inyo kung ano ang ginagawa ng maiinam na maliliit na batang lalaki't batang babae matapos na kanilang makilala sa Jesus. Ngayon, sige't lumapit lang kayo rito, mga batang lalaki't mga batang babae. Ngayon kayo. . . Tama 'yan. Ngayon humarap kayo roon.

³¹⁹ Ngayon kapag sasabihin kong, "I may never march in the army," kayo. . . "march in the infantry," magmartsa rin kayo, hayan nga. Kapag sasabihin kong, "I may never ride in the cavalry," gayahin n'yo lang itong gagawin ko. Ngayon umatras lang nang kaunti mula sa akin, medyo umatras lang sa likod, maglaan lang ng maluwa na lugar. Sige't atras, atras, ngayon handa na kayo. Ngayon simulan na natin, awitin natin ito. [Nagmumuwestra si Kapatid na Branham at ang mga bata habang umaawit—Pat.]

I may never march in the infantry, (Tingnan n'yo!)

Ride in the cavalry, shoot artillery;
I may never fly over the enemy,
But I'm in the Lord's army.

Oh, I'm in the Lord's army,
I'm in the Lord's army! (Handa!)

I may never march in the infantry,
Ride in the cavalry, shoot artillery;
I may never fly over the enemy,
But I'm in the Lord's army.

320 Amen! Manatili lang po sa pagkakatayo. Ilan ang nalugod dun? Sabihin n'yo, "Amen." [Sinasaki ng kongregasyon, "Amen!"—Pat.] Siyanga.

321 Ngayon, Makalangit na Ama, Iyo pong pagpalain ang mga mumunting mga batang ito ngayon. Sila'y sa Iyo, Panginoon. Itinagubilin na nila ang kanilang mga buhay sa Iyo. Kanilang napakinggan na ang munting kuwentong ito patungkol kay Moises at kung papaanong iningatan Mo siya. Napakinggan nila ang tungkol sa isang mabuting nanay at mabuting tatay na nag-aruga sa kanila at nagpalaki sa kanila. At ganun din na ang mumunting mga batang ito ay may mabubuting nanay at tatay. At dalangin ko, Ama, na Iyo silang bantayan sa tuwina't patnubayan sa pagtugaygay nila sa ilog ng panahon, at ang mga Anghel ng Diyos ay ingatan sila. Mapagkalooban . . . At mapasa dulo para tumanggap, para tanggapin sila sa huling mga araw nila, Panginoon, sa Iyong Kaharian. Hinihiling namin ito sa Pangalan ni Cristo. Amen.

322 Ngayon maaari na kayong bumalik sa kinauupuan n'yo at sabihin n'yo kay tatay at nanay kung gaanong kainam ang pakiramdam n'yo. Amen.

323 "All the days of their wandering they were led." Alam mo 'yung isang 'yun, siyanga.

. . . of their wandering they were led,
To the land of the promise they were led;
By the hand of the Lord in guidance sure,
They were brought to Cannan's shore.

Lahat po!

The sign of the fire by night,
And the sign of the cloud by day,
Hovering over, just before,
As they journey on our way,
Shall a guide and a leader be,
Till the wilderness be past,
For the Lord, our God, in His own good time
Shall lead us to the light at last.

324 Ilan po ang may sakit sa umagang ito at nag-aasam ng panalangin? Patingin po ng inyong kamay. Haya't dahil sa atrasado na rin tayo nang kaunti, marahil itutuloy na lang natin ang gawain natin ng pagpapagalang mamayang gabi. At dumulog lang tayo ng panalangin ngayon, dahil atrasado na tayo.

325 Natuwa ba kayo sa munting kuwento natin? [Sinasaki ng kongregasyon, "Amen!"—Pat.] Sa palagay n'yo ba napaka inam nun para sa maliliit na mga bata? ["Amen."] Siyanga. Lagi-lagi natin silang nakakaligtaan. Hindi dapat natin hinahayaan 'yun. Kita n'yo, hindi pa ako nagkakaroon ng pagkakataon na magturo sa Sunday school, at itong umagang ito ang panahon

para makapangusap sa kanila. Di ko naman gustong pagurin kayo, pero gusto ko lamang ikuwento sa inyo ang munting kuwentong ito.

³²⁶ Alalahanin n'yo, mumunting mga bata, hindi lang ito basta ordinaryong simpleng kuwento na nababasa n'yo kung saan-saan. Ito ang Katotohanan. Ito ang Katotohanan! Ang Diyos ang may gawa nun. At Siya nga'y sumasa *inyo* na ngayon. Sige.

³²⁷ Sige't iyuko na natin ang ating mga ulo ngayon habang inaawit natin ang pagtatapos na awitin natin, nang mabagal lang, "Take the Name of Jesus with you, as a shield from every foe." Sige po.

Take the Name of Jesus with you,
Child of sorrow and of woe.



PAGTUTURO PATUNGKOL KAY MOISES TAG56-0513
(Teaching On Moses)

Ang Mensaheng ito ni Kapatid na William Marrion Branham, na orihinal na ipinangaral sa Ingles noong Linggo ng umaga, Mayo 13, 1956 sa Branham Tabernacle sa Jeffersonville, Indiana, U.S.A., ay hinango mula sa magnetikong teyp rekording at inilimbag na walang pagbabago sa Ingles. Itong Tagalog na salin ay inilathala at ipinamamahagi ng Voice of God Recordings.

TAGALOG

©2018 VGR, ALL RIGHTS RESERVED

VOICE OF GOD RECORDINGS
P.O. BOX 950, JEFFERSONVILLE, INDIANA 47131 U.S.A.
www.branham.org

Abiso Ukol Sa Karapatang Maglathala

Ang lahat ng karapatang maglathala ay saklaw ng may-ari lamang. Ang aklat na ito ay maaaring i-print sa home printer para sa personal na gamit o maipamahagi sa iba, nang walang bayad, upang magamit sa pagpapalaganap ng Ebanghelyo ni Jesus Cristo. Ang aklat na ito ay hindi maaaring ibenta, kopyahin nang maramihan, i-post sa website, i-store sa retrieval system, isalin sa ibang wika, o gamitin upang manghingi ng pondo nang walang inilalabas na kasulatang nagpapahintulot galing sa Voice Of God Recordings®.

Para sa karagdagang impormasyon o para sa iba pang ipinamamahaging materyales, kontakin lamang ang:

VOICE OF GOD RECORDINGS
P.O. Box 950, JEFFERSONVILLE, INDIANA 47131 U.S.A.
www.branham.org